ISSN (print) : 0118-5616
ISSN (online) : 2799-1660

PWU 1919

PHILIPPINE WOMEN'S UNIVERSITY
and its Affiliate Schools for Men and Women

research

# PWU Research Journal

VOLUME 10, ISSUE 2
DECEMBER 2023




PWURJ

# PWU
# Research Journal
## (A Peer- Reviewed Journal)

**Volume 10, Issue 2, December 2023**

*Chief Editor*
**Dr. Leonardo O. Munalim**

*Honored Consultant*
**Dr. Felina C. Young**

**Philippine Women's University**

# PWU Research Journal
**Volume 10, Issue 2, December 2023**

Published by
Philippine Women's University
Manila, Philippines
www.pwu.edu.ph

© Philippine Copyright 2023
by the Philippine Women's University

ISSN (print) : 0118-5616
ISSN (online) : 2799-1660

**ALL RIGHTS RESERVED.** Except in the form of brief quotations embodied in critical reviews, portions of this Issue may not be used or reproduced in any manner or form without the prior written permission both of the Authors and the RDO.

Inquiries and permission should be addressed to:

Research and Development Office
Philippine Women's University
1743 Taft Avenue, 1004 Manila, Philippines
Tel no. +63(2) 8465-1777
Fax no. +63(2) 8526-6935
E-mail: rdo@pwu.edu.ph

# EDITORIAL BOARD

## *PWU Research Journal*

Philippine Women's University

1743 Taft Avenue, 1004 Manila, Philippines

**Chief Editor** : **Dr. Leonardo O. Munalim**
Philippine Women's University
SCOPUS ID: 57194585534

**Honored Consultant** : **Dr. Felina C. Young**
Chancellor/Senior VP for Academic Affairs
Philippine Women's University

**Editorial Board Members:**

**Dr. Maria Charlene P. Melegrito**
Polytechnic University of the Philippines

**Engr. Mark P. Melegrito**
Technological University of the Philippines

**Dr. Anagha Lavalekar**
Jnana Prabodhini's Institute of Psychology, India

**Dr. Peu Ghosh**
Hooghly Mohsin College, India

**Dr. S. Sivaraja**
Poompuhar College (Autonomous) Melaiyur, India

**Dr. Charli Sitinjak**
Esa Unggul University, Indonesia

**Mr. Axle Christien Tugano**
University of the Philippines, Los Baños

**Mr. Mark Joseph Santos**
De La Salle University

**Ms. Hazel DR. Samala**
Polytechnic University of the Philippines

**Mr. Darren Rey Javier**
Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division, Department of Education

**Dr. Maria Virginia Aguilar**
De La Salle University - Dasmariñas

**Dr. Teresita Banag**
Philippine Cultural College

**Ms. Merline Rabaya**
Western Philippines University-Palawan

**Mr. Satwinder Rehal**
Philippine Women's University, Manila

**Ms. Elizabeth Ann Gutierrez**
Philippine Women's University, Manila

**Regular Associate Reviewers:**

**Dr. Atty. Irene D. Valones**
Philippine Women's University

**Dr. Hector John T. Manaligod**
Philippine Women's University

**Dr. Romel R. Costales**
Isabela State University - City of Ilagan Campus

**Ms. Sherlyn F. Saspa**
National University-Manila

**Dr. Clyde Cyril Baculio**
Ramon Magsaysay Memorial Colleges

**Mr. Jeckson Repollo**
Metro Dumaguete College, Dumaguete City

**Dr. Marjorey C. Cabigas**
J. H. Cerilles State College, Zamboanga del Sur

**Ms. Mel Joan B. Dizon**
Negros Oriental State University

**Mr. Jose Marie T. Sintos**
Carrascal National High School, Surigao del Sur

**Layout :** Jesus A. Sy

# TABLE OF CONTENTS


**<u>EXTERNAL / UP-LOS BAÑOS</u>**

**DIASPOLOVE: ISANG PAGSUSURING TIPOLOHIKAL SA MGA PELIKULA NI OLIVIA M. LAMASAN UKOL SA HANAPBUHAY AT PAG-IBIG -** Axle Christien **TUGANO** — **1**

**KASAKLAWAN NG DISKURSONG PANGTURISMO SA PILIPINAS: ISANG PUNDAMENTAL NA PAGSUSURI SA PAGLALAKBAY -** Axle Christien **TUGANO** — **28**

**<u>SCHOOL OF ARTS AND SCIENCES</u>**

**FOUR-LEVEL VISUAL ANALYSIS OF TELECONSULTATION PROMOTIONAL MATERIALS ON FACEBOOK AMONG FILIPINO MEDICAL PRACTITIONERS: A BRIEF REPORT** Leonardo **MUNALIM;** Betty E. **TUTTLE** — **71**

**<u>SCHOOL OF EDUCATION</u>**

**A 2017 CURRICULUM REVIEW FROM THE PWU-SCHOOL OF EDUCATION -** Shirley **PADUA** — **78**

**<u>SCHOOL OF NUTRITION AND DIETETICS</u>**

**NUTRIENT INTAKE AND WOUND HEALING STATUS OF ICU PATIENTS WITH PRESSURE INJURY AND KAP OF DIETITIANS TOWARDS PRESSURE INJURY MANAGEMENT AT A SELECTED TERTIARY HOSPITAL** Ilonah Jane **POMAY** — **84**

**<u>SCHOOL OF PHARMACY</u>**

**PERCEIVED ROLES OF COMMUNITY PHARMACISTS AND LEVEL OF SATISFACTION WITH PHARMACIST SERVICES IN CANDELARIA QUEZON: BASIS FOR PHARMACY PROFESSIONAL SERVICES ADVOCACY** Rachelle **ABANTE**; Ermira Diloy **BRIJUEGA**; Vieno Gino **CRUZ**; Ronald Amiel **PEÑALOZA**; Maureen Allysandra **GULMATICO** — **103**

**ABOUT RDO LOGO** — **124**

# KASAKLAWAN NG DISKURSONG PANGTURISMO SA PILIPINAS: ISANG PUNDAMENTAL NA PAGSUSURI SA PAGLALAKBAY

**Axle Christien TUGANO**
Division of History
University of the Philippines Los Baños
ajtugano1@up.edu.ph

**Abstrak**
Karaniwang nasasagkaan ng pinamamayaning pamantayan at perspektibang hinango mula sa labas ang konfigurasyon ng pag-aaral sa kasaklawang pangturismo ng mga Pilipino. Mula sa sinasaligang epistemolohiya hanggang sa praksis ng disiplinang ito na malaong maglilimita sa makaPilipinong dalumat kaugnay ng paglalakbay. Gayumpaman, hindi pa rin isinasantabi ang mga dulog mula sa labas dahil lamang sa kaligiran nito. Sa halip, layunin pa ng artikulong ito na angkinin ang *Tourism Studies* at tangkaing maipasok sa talastasang F/Pilipino ang usapin ng turismo at paglalakbay na direktang aapuhap sa tatlong espisipikong aspekto: (1) kalagayan ng turismo at paglalakbay sa Pilipinas; (2) pangunahing salik sa paglalakbay; at malaong itatawid sa (3) sosyo-kultural at politiko-ekonomikong kinahinatnan ng paglalakbay. Sa diwa ng binubuong *Araling Pangmanlalakbay* sa diwa ng *Araling Kabanwahan*, hindi lamang nito nilalayong maipakita ang ugnayan at/o pag-uugnay ng turismo at paglalakbay sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. Bukod sa panunuring pangkalinangan, layunin ding maipakita ng *Araling Pangmanlalakbay* ang panunuring panlipunang nakasalig sa katarungan ng turismo at paglalakbay. Sa ganitong pagtatangka, maipopook ang diskursong pangturismo ng mga Pilipino hindi lamang sa kaniyang sariling bayan ngunit maging sa Timog Silangang Asya at sa daigdig.

**Mga Susing Salita:** *paglalakbay, Timog Silangang Asya, turismo, Pilipinas.*

## Introduksiyon: Kalagayan ng Turismo at Paglalakbay sa Pilipinas

Mayroong itinatampok ang bawat bansa pagdating sa industriya ng turismo. Kung hindi produkto, kultura, o ipinamamayaning tradisyon, madalas na naitatanghal sa pandaigdigang espektrum ang mga lugar o destinasyon na tila bagang natatangi lamang sa kanilang bansa. Malinaw ang nagiging papel ng pandaigdigang turismo sa bawat estado dahil napag-uugnay nito ang mga bansang nakahanay sa tinurang “maunlad na” (*Global North*) at sa tinurang “papaunlad” pa lamang (*Global South*) (Wood, 1980, p. 561). Halimbawa, dinarayo ng mga “mauunlad” na bansa katulad ng nasa Europa at Hilagang Amerika ang mga bansang ipinagpapalagay

nilang "Ikatlong Daigdig" katulad ng Timog Silangang Asya dahil para sa nauna, praktikal, at mura ang paglalakbay dito. Gayumpaman, sa kabila ng pribilehiyong natatamasa ng mga "mauunlad" na bansa, ito naman ang kabaliktaran sa kaso ng mga nasa Silangan—kabilang ang Pilipinas.

May mga kinokonsiderang salik kung bakit nananatiling malaki ang puwang sa pagitan ng dalawang rehiyon. Una na rito ang kapangyarihang taglay ng Pilipinong pasaporte. Binanggit ni Wensley Reyes (2023), na tinataglay ng bawat pasaporte ang karapatan at katangian ng isang nasyonalidad (Reyes, 2023, p. 83). Idinikta na naman ng Kanluran ang pamantayan hinggil sa klasipikasyon ng mga pasaporte sa 199 na bansa sa daigdig. Sa ilalim ng *Henley & Partners Index*, ngayong 2024—nasa ika-73 ranggo bilang *mobility score* ang kapangyarihan ng pasaporteng Pilipino kapantay ng mga bansang Uganda at Cape Verde sa Africa (Lim, 2024). Ibig sabihin, makararating ang isang Pilipino sa 69 na bansa sa daigdig—sa proseso ng *Visa Free* (VF) at *Visa on Arrival* (VOA). Gayumpaman, may nuance ang VOA sa ilang pagkakataon. Kahit sabihing makakukuha ang isang Pilipino ng bisa sa hanggahan ng pupuntahang bansa, marami pa rin sa mga ito ang humihingi muna ng *Electronic Travel Authorization* (ETA) bago sila magbigay ng VOA. Ilan sa mga halimbawa ang bansang Sri Lanka, Pakistan, at Kenya. Samakatuwid, lumalabas na ang VOA ay tila "pinagaang *visa required*" na rekisito. Malayo kung gayon, ang Pilipinong pasaporte kompara sa mga "pinakamakapangyarihang pasaporte" sa daigdig katulad ng Japan, Singapore, United States, France, Germay, Italy, at Spain na nakakalabas-masok nang walang bisa sa halos lahat ng bansa sa daigdig. Sa katunayan, ang kapangyarihan ng mga bansang ito ay nasasalamin din sa mga iginagawad nilang bisa sa mga Pilipino—*i.e. Schengen Visa at US* Visa.[1]

Ang patuloy na paghina ng ating pasaporte ay nasasalamin din sa mga bansang transisyonal na naging visa required mula sa dati-rati'y *visa free*. Halimbawa, ang Ecuador. [2] Dulot ito ng ilegal na pananatili o kaso ng *overstaying* ng mga Pilipino sa nasabing bansa. Gayundin, ngayong 2024, *admission refused* ang naging hatol ng Kuwait sa Pilipinas (Flores at Romero, 2023). Ibig sabihin, hindi makapagbibigay ng anomang uri ng bisa ang Kuwait sa Pilipinas. Hindi maikakailang inaabuso ng ilang Pilipino ang malayang karapatan na makapasok sa ilang bansa at ito'y tunay na nasasalamin sa pagdududa ng *Philippine Immigration* sa ilang pagkakataon sa

[1] Halimbawa, kung tangan ng isang Pilipino ang *US Visa* lalo na kung ito'y *multiple-entry* mula sa orihinal na rekisitong *visa required*, magiging *visa-free* na para sa atin ang mga bansang katulad ng Canada, El Salvador, Cuba, Saudi Arabia, Antigua and Barbuda, Armenia, Guatemala, Mexico, Panama, Serbia, Belize, North Macedonia, Albania, at marami pang iba.

[2] Noon, nakakapasok nang libre sa nasabing bansa ang mga Pilipino ngunit ngayong 2024, rekisito na para sa mga Pilipino ang magkaroon ng bisa. Isa sa pinakamahal na bisa na nagkakahalaga ng 450 USD at ito'y maigagawad lamang ng Embahada ng Ecuador sa Indonesia o Malaysia (Mr. and Mrs. Howe, n.d.).

mga Pilipinong lumalabas ng bansa na kung minsan ay nauuwi sa *offloading*.

Liban sa pasaporte, sumasagka rin para sa mga Pilipinong maglakbay ang antas ng pamumuhay mayroon sa Pilipinas. Ang arawang kita ng mayoryang manggagawa ay sumasapat lamang sa pang-araw-araw na pangangailangan. Hindi katulad ng naging engkuwentro ko halimbawa sa Australia noong 2020 nagagawang maglibot sa mundo ng isang ordinaryong *cashier.* Isa pa, mababa rin ang *mínimum annual leave* ng Pilipinas hindi katulad ng Germany. Limitado ang mga *leave with pay* at kung minsan—sa kaso ng mga empleyado ng gobyerno, kinakailangan munang magkaroon ng *Travel Authority* bago pahintulutang lumabas ng bansa at ito ay dumaraan muna sa iba't ibang pirma ng tanggapan.

Sa madaling salita, sa kaso ng Pilipinas, isang pribilehiyo ang maglakbay. Higit tayong tumatanggap ng mga banyagang pumapasok sa ating bansa kompara sa mga Pilipinong pumapasok bilang turista sa ibang bansa. Nakapagbibigay ang turismo ng sapat na kita at promosyon para sa lokalidad ng dinarayong bansa. Bago pumasok ang dantaon 21, nagiging tanyag at/o nagsisimula na ang paglaganap ng pandaigdigang turismo sa mga bansang tinatawag na "bagong unlad" katulad ng Singapore, Malaysia, Indonesia, Thailand, at Pilipinas sa Timog Silangang Asya at sa "mas mauunlad" na mga estado katulad ng Hong Kong, Taiwan, at Hapon sa Silangang Asya (King, 2008, p. 107).[3] Nakita rin sa mga panahong ito ang posibilidad at potensiyal ng pagpasok ng pandaigdigang turismo sa mga bansang katulad ng Cambodia, Laos, Myanmar, Vietnam, Nepal, at Bhutan (King, 2008, p. 107). Sa ganang akin, hindi rin malayong tingnan sa hinaharap ang pagpasok ng mga turista sa mga tinurang "hindi kilalang bansa" [batay sa pananaw ng Kanluran][4] na kadalasang hindi naitatanghal o naipakikilala sa mga aklat-pangmanlalakbay (*travel books*). Hindi ito malabong maganap sa kadahilanang pinaglalapit ng teknolohiya ang pandaigdigang turismo. Kung

[3] Binuo ang aklat noong 1990 kung saan nagkaroon ang mga may-akda ng komparatibong pag-aaral ukol sa kalagayan at tadhana ng turismo sa ibang bansa. Tiningnan ang iba pang salik ukol dito. Malaki ang ginampanan ng mga pandaigdigang organisasyon sa pagpapalaganap ng kanilang mandato o promosyon sa turismo ng ibang rehiyon. Ilan rito ay ang *Association of Southeast Asian Nations* (ASEAN), *Asia-Pacific Economic Cooperation* (APEC); at *Pacific Asia Travel Association* (PATA).

[4] Bilang paglilinaw, hindi mapagmalabis ang konteksto ng "hindi kilalang bansa." Sa katunayan, wala naman talagang "hindi kilalang bansa" sa mga taong batid ang geograpiya at kaalaman. Ginamit ko ang katagang ito dahil sa aking mga naging paglalakbay sa Europa, Africa, Asya, at Australia marami akong naging engkuwentro sa mga Kanluraning turista na hindi nababatid ang eksistens ng isang partikular na bansa. Halimbawa, nang tanungin ko ang isang Español kung siya ba ay nakarating na sa bansang Paraguay yamang mas ninanais niya raw marating ang mga bansang nagsasalita ng wikang Español hindi niya alam ang bansang ito! Kakatwang ang Paraguay ay naging kolonya ng España. May ilan pang kaso sa social media lalo na sa Tiktok—kung saan tinanong (*ambush interview*) ang isang Amerikano sa New York—"…*Name three countries beginning with H."* Kaniyang sinagot ang "Hawai'i" gayong ito ay isang estado ng sarili niya mismong bansa.

noong una'y sa mga *travel books*[5] lamang nababasa ang mga detalye tungkol sa turismo ng bansa. Sa panahon ngayon ay madali na itong masumpungan. Sa pamamagitan ng mga naglipanang *travel vlogs* sa *internet* (transisyon mula *blog* patungo sa *vlog*), madali nang makakuha ng detalyadong impormasyon ang mga turista saan man sa daigdig tungkol sa mga potensiyal na pook-pasyalan.

Isang magandang halimbawa rito ang sikat na *vlog* ng *Nas Daily* sa *YouTube* isang *travel vlog* ng Israeli-Palestinong manlalakbay na si Nuseir Yassin kung saan naitatampok nito ang magagandang lugar, natatanging kultura, at kalagayan ng mga dinarayong bansa. Dahil sa nasabing *vlog*, pahapyaw niyang nailarawan ang Pilipinas. Sa paglalakbay ng nasabing *vlogger* sa maraming bansa, Pilipinas ang itinatangi niya. Bumuo ito ng tatlong pamantayan sa paghihirang ng kaniyang paboritong bansa–(1) magaling sa wikang Ingles; (2) may abot-kayang mga bilihin; at (3) magagandang lugar (Nas Daily, 2017). Nagsisilbi ang ilang *travel vlog* bilang *platform* kung saan maaari nang alalahanin, tasahin, ilagak, at pagyamanin ng mga turista ang kanilang mga karanasan sa paglalakbay (Daya, 2018, p. 2). Malaki rin ang naging epekto ng *Tiktok* at *Instagram* sa promosiyon ng isang bansang nilalakbay (see, Melati et al., 2022; Wengel et al., 2022). Sa pamamagitan ng teknolohiya, isang nabubuong penomeno ng kasiyahan ang naiiwan nito sa mga taong nahihikayat na maglakbay. Ang pasalin-saling kuwento ng karanasan hinggil sa mga napuntahang lugar ay isa sa mga mikrokosmong salik kung bakit mas lalong nakikilala ng ibang bayan ang turismo ng isang bansa.

Gayumpaman, hindi rin maaaring umaasa na lamang sa mga *vlog* at anomang rekomendasyon mula sa ibang turista. Sekondarya lamang ang nagagawa nito. Sa katunayan, may panganib din itong hatid. Marami sa mga banyagang naglalakbay at *vlogger* ang nakapipinsala sa identidad ng isang partikular na komunidad. Katulad ng ilang kaso ng *cultural appropriation*, Orientalismo, at panggagamit sa mga katutubo upang kumita (see, Alcantara at Demeterio, 2023)—*i.e. Pinoy Baiting*. Lagpas pa sa mga *vlog* na ito, higit na may responsibilidad at pananagutan ang pamahalaan sa pagpapayaman ng kaalaman at promosyon ng sariling turismo. Mula sa pagsusulong ng mga inisyatiba, pagbibigay ng mga potensiyal na kabuhayan sa hanay ng mga lokal hanggang sa makamit ang tinatawag na *sustainable development* sa antas ng turismo (LATA, 2016, pp. 6-7). Mahalaga ring isaalang-alang ng bawat estado ang kapakanan ng mga turista at kanilang mga interes, kaligtasan, at satispaksyon lalo pa't umiiral sa sistema ng pandaigdigang turismo ang kompetisyon (Manhas et al., 2016, p. 26). Halimbawa, kung anong mga bansa ang nagtataglay ng sistematikong pamamalakad sa turismo; may angkop at kaaya-ayang imahen ng kaligtasan, at praktikalidad, siyang dadagsain ng napakaraming turista mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Lalo pa't sa panahon ngayon, iba-iba ang interes ng mga turista kaya't mas kailangan pang paibayuhin

[5] Halimbawa sa mga ito ay ang Lonely Planet, Rough Guides, Bradt Travel Guides, Footprint, at iba pa.

ng isang bansa ang pangangalaga at pagpapaunlad sa sariling industriya ng turismo.

**Paglalahad ng mga suliranin at kahalagahan ng pag-aaral**

Esensiyal sa disiplina ng bawat larang ang maisaPilipino ang anomang konsepto at kontekstong mailalapat sa diskursong may pagnanasang maitampok ang gamit at/o halaga ng mga ito. Pangkalahatang sasagutin sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano maipapasok sa diskursong makaPilipino ang usapin ng turismo at paglalakbay?
2. Anu-anong mga aspekto ang maaaring palawigin sa usapin ng paglalakbay?
3. Anu-anong mga salik ang nakatutulong o sumasagka sa kaunlaran ng turismo at paglalakbay sa Pilipinas?

Sa pagkakataong mapagyaman na sa talastasan ang pagsasaPilipino ng turismo at paglalakbay:

1. magiging mahalaga at isa sa mga pagtatangkang ambag na maisaPilipino ang disiplinang bagaman hindi taal, ngunit niyakap ng akademiyang Pilipino;
2. mauunawaan na hindi lamang isang kanonikal at konstitusyonal-teknikal ang diskurso ng paglalakbay sa Pilipinas; at
3. maunawaan ang kultural at politiko-ekonomikong katangian ng lipunan na isang matibay na salik sa tinutungong trajektori ng paglalakbay sa Pilipinas at/o ng mga Pilipino.

**Metodolohiya at pagsusuri sa kaugnay na literatura**

Preskriptibo ang tunguhin ng pag-aaral na ito–paghahain ng maaaring paksain sa usapin ng paglalakbay. Sumasayapak ito sa metodolohiyang nakatuon sa *autoethnography* o isang paraan ng pagtatala ng sariling karanasan dulot ng sariling paglalakbay. Pagkalas ito panandalian sa kanonikal na anyo ng pananaliksik. Sang-ayon kina Carolyn Ellis, Tony Adams, at Arthur Bochner, *autoethnography is an approach to research and writing that seeks to describe and systematically analyze (graphy) personal experience (auto) in order to understand cultural experience (ethno)* (Ellis et al., 2011, p. 1). Nakapook ang aking interes sa paglalakbay na maaaring sumanga sa iba't ibang paksa. Sa kasalukuyang anyo ng usapin sa turismo at paglalakbay, palagi itong nakapako sa teknikal, siyentipiko, at kanonikal na balangkas, at higit sa lahat, ito ay naisusulat sa wikang Ingles. Malaki ang impluwensiya sa akin ng pamamayani ng Pilipinisasyon ng mga disiplina sa agham panlipunan at humanidades (Bautista, 1993; Miralao, 1993) na ang tanging layunin

ay maisaPilipino ang anomang konsepto at ideyang taal sa lipunang Pilipino. Sa disiplina ng kasaysayan, malaki ang impluwensiyang paghubog sa akin ng *Pantayong Pananaw* ni Zeus Salazar (1989). At mula rito, sasanga at isisilang ang *Araling Kabanwahan* (Navarro, 2012) bilang alternatibo at makaPilipinong pag-aaral ng ugnayan at/o pag-uugnay ng Pilipinas at/o ibang bayan (ibayong dagat), kontra sa *Area Studies* at *Regionalism Studies* na pawang tumuon sa ugnayang estado-sa-estado na hindi gaanong nasasalamin ang implikasyon nito para sa sariling mamamayan.

Mula sa pagpupunla ng *Araling Kabanwahan*, lumitaw ang *lakbay-kabanwahan* o pagtatala ng paglalakbay sa akdang *Lakbay-Kabanwahan* sa *Timog Silangang Asya; Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan 1* (2019) nina Adonis Elumbre at Atoy Navarro at sinundan ng ikalawang bolyum na pumaksa naman tungkol sa paglalakbay ng mga akademiko sa Australia at Pasipiko (Galang, 2023). Impluwensiya o pagpapatuloy ito ng mas naunang akdang *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangingibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas* (2003) na pinamatnugutan ni Ma. Luisa de Leon-Bolinao. Gayumpaman, sumentro lamang sa mga nasabing akda ang akademikong pag-aaral at paglalakbay. Ngunit hindi mapasusubalian ang naging impluwensiya sa akin ng mga akdang ito upang pagnilay-nilayan ang usapin ng paglalakbay sa diskursong Pilipino. Kaya't nagluwal ito ng aking pinamatnugutang aklat, ang *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (Tugano, 2023a). Sa pamamagitan ng 56 na sanaysay, nilayon nitong maipasok ang diskurso ng paglalakbay sa wika at pananaw ng Pilipino isang paglalakbay sa ibayong dagat patungo at/o papasok sa *loob* at kagalingang *loob* kung saan pakikinabangan ng isang Pilipino bilang pagbawi sa paglalakbay na pinamayanihan ng mga banyaga at/o banyagang kaisipan.

Hindi tipikal na napag-uusapan ang paglalakbay sa talastasang Pilipino. Kung minsan pa'y naikakahon lamang ito sa kinasanayang konsepto ng "lakbay-aral." Ayon sa pagpapakahulugan nina Sharon Maminta at Francisco Nuñez Jr. (2008), ang lakbay-aral ay ang paglalabas-labas mula sa apat na sulok ng silid-aralan upang masiyasat sa aktuwal at malapitan ang mga bagay na noo'y sa aklat lamang nababasa ng mga mag-aaral o sa lektura ng mga guro (Maminta & Nuñez, 2008, p. 149). Kung gayon, ang aktuwalidad ng paglalakbay ay maaaring maipasok sa diskursong Pilipino. Sa abot ng aking nalalaman, ilan sa halimbawa ng mga Pilipinong akda ang tumuon sa paghuhugpong nito sa ibang disiplina ay sina Nadia Abcede sa kaniyang tesis na "*Pag-uugat sa Kasaysayan ng Turismo sa Pilipinas: Isang Panimulang Pag-aaral ng mga Popular na Pook-Paliguan sa Katagalugan* (2013)" at Romel Daya sa kaniyang "*Pagsusuring Semiotika sa mga Mito sa Kalikasan sa mga Litrato sa Travel Blogs na Nagtatampok sa Calamianes,*

*Palawan* (2018).” Samakatuwid, kailangan pang pagyamanin ang pagsusulat ng mga paksang may kaugnayan sa turismo at paglalakbay gamit ang wikang F/ Pilipino sapagkat una na itong nagawa ng ilang pag-aaral (see, Tugano, 2023b, pp. 23-27) bagaman ay nananatiling nasa wikang Ingles. Isang pagtatangka kung gayon ang kinasapitan ng mga pag-aaral (de Leon-Bolinao, 2003; Maminta & Nuñez, 2008; Elumbre at Navarro, 2019; Galang, 2023; Tugano, 2023a) upang tugunan ang mas maagang pagpupunla ni Nilo Ocampo (2012) sa konsepto ng *Lakbay-Pilipino*.

Mula sa ganitong pangangailangan, dulot ng impluwensiya ng *Araling Kabanwahan,* makapaghahain ng isang konseptong aking dinalumat—ang *Araling Pangmanlalakbay* sa diwa ng *Araling Kabanwahan:*

> sumasaklaw sa samo’t saring pananaw at pamamaraan ng pagpapahalaga, pagsasalaysay, at pag-aaral na may direktang tuon sa paglalakbay na kagyat na ilalapat sa anomang babasahin, kaugnay na gawain, at katuturang pangmanlalakbay na may pagtatangkang ugnayin at/o pag-ugnay-ugnayin ang kapookan, kasaysayan ng mga Pilipino at ibang bayan gamit ang kaisipan, wika, at perspektibong naaangkop sa talastasang F/ Pilipino (nirebisa, Tugano, 2022a, p. 101 as cited by Tugano, 2023b, p. 40).

Bilang pagpupunla sa usapin ng Pilipinong paglalakbay, tinangkang luminang ng isang sub-dalumat na tutuon sa inisyatiba, pananaw, at ideyang kaugnay ang paglalakbay. Gayumpaman, hindi itinatakwil ang Kanluraning konsepto at balangkas sa katotohanang maaari pa nga itong angkinin at ilapat sa kaunawaang Pilipino. Mula ito sa inangking konsepto ng *Travel Studies* ng Kanluran na isang pag-aaral na tumutuon sa konsepto ng paglalakbay ng isang tao at/o grupo ng tao. Mayroong kaibahan ang *Travel Studies* (TRS) at *Tourism Studies* (TOS) ngunit pareho silang mayroong kaugnayan sa paglalakbay. Malawak ang kasaklawan ng TOS samantalang espisiko ang TRS. Mula sa napagkamamaliang konsepto sa pagitan ng *travel* (paglalakbay) at *tourism* (turismo), binigyan ng linaw ni Richard Butler (2015) na ang *travel* ay isang aktuwal at/o literal na paglalakbay na ginagawa ng isang tao at/o grupo ng tao. Samantala, ang *tourism* ay higit na siyentipiko, sistematiko, at organisadong disiplina na kinapalolooban ng samo’t saring pagbubuo ng teorya o perspektiba—*i.e.* pagsasanay at pagpapakadalubhasa kung papaano pauunlarin ang antas ng turismo ng bansang kinabibilangan (Butler, 2015, pp. 16-17). Multi-dimensyonal ang kasaklawan ng TOS dahil kinapalolooban o kinakailangan nito ng iba pang disiplinang magmumula sa agham panlipunan, batas, literatura, pagnenegosyo, komersiyo, at iba pa, upang maunawaan ang prosesong umiinog dito (Towner, 1988, p. 88). Halimbawa, inihuhugpong ng TOS ang sub-disiplina ng kasaysayan ng turismo kaya’t kinakailangan nitong humingi ng dulog sa hiwalay na disiplina ng Kasaysayan; *tourism motivation*

sa Sikolohiya; *host-guest relationship* sa Antropolohiya; *tourism law* sa Batas; *heritage-environment management* sa *environmental science*; *rural tourism* sa Agrikultura; *marketing of tourism* sa *Marketing*; *sports tourism* sa Kinesiolohiya; at iba pa (Ritchie et al., 2008, pp. 33-41).

| Mga Salik | Travel Studies | Araling Pagmanlalakbay |
|---|---|---|
| tao<br>(mga naglalakbay) | • Pilipinong naglalakbay sa ibang bansa<br>• banyagang naglalakbay sa Pilipinas<br>• banyagang naglalakbay sa iba pang banyagang bansa | • Pilipinong naglalakbay sa ibang bansa (at sa loob ng bansa) |
| tuntungang disiplina | Area Studies | Araling Kabanwahan |
| tuon | ibang bansa/anomang bansa | ibayong dagat (mga kaugnay at pag-uugnay sa sangkaPilipinu-han) |
| wika | banyaga | F/Pilipino |
| kinakausap | mga ibang banyaga at Pilipinong nakakauna-wa ng wikang banyaga | kapwa F/Pilipino |
| paraan | • pagtatala ng paglalakbay<br>• pagsusuri ng akdang pangmanlalakbay<br>• pagsasalin mula sa wikang banyaga tungo sa isa pang wikang banyaga (i.e. Pranses tungong Ingles) | • pagtatala ng paglalakbay sa pananaw at wikang F/Pilipino<br>• pagsusuri ng akdang pang-manlalakabay sa pananaw at wikang F/Pilipino<br>• pagsasalin tungo sa wikang F/Pilipino |

*Hanayan 1. Kaibahan ng Travel Studies at Araling Pangmanlalakbay (Tugano, 2023b)*

Hindi tanyag ang TRS sa lipunang Pilipino. Katulad ng nabanggit, hindi ito katumbas ng TOS (na pinag-aaralan naman sa Pilipinas). Dahil sa espisipikong kaanyoan ng TRS kung bakit mas tumutuon ito sa pag-aaral o naging pag-aaral ng isang tao at/o ibang tao kaugnay sa sariling paglalakbay; pagsusuri sa babasahing may kinalaman sa paglalakbay; at iba pang kaugnayan sa paksa. Kaya't sa diwa ng *Araling Pangmanlalakbay* (Hanayan 1), naipaghuhugpong kapwa ang inangking TRS at TOS nang sa gayo'y maunawaan ang kasaklawan ng diskursong pangturismo sa Pilipinas, sa isang banda at ng paglalakbay sa kabuoan sa kabilang dako.

Kaya't sa pamamagitan ng kambal na metodo ng autoethnograpiya at nilinang na *Araling Pangmanlalakbay,* preskriptibong ilalahad sa susunod na bahagi ang mga pangunahing aspektong may kaugnayan sa turismo at paglalakbay. Sa kasong ito, ang halaga at kalagayan nito para sa lipunang Pilipino.

## Pangunahing Salik ng Paglalakbay

Sa pamantayan ng Kanluran, maikakategorya sa dalawang uri ang mga manlalakbay na pumapasok at/o dumarayo mula sa pinagmulang bansa patungo sa darayuhing bansa *(host countries)*. Binalangkas ng sosyolohiya ng turismo ang dalawang pangunahing uri ng mga manlalakbay. Ang unang uri ay tinatawag bilang *sunluster* o mga nahuhumaling sa gawaing may kinalaman sa relaksasyon katulad ng libangang may kaugnayan sa tubig, kalupaan, at himpapawid o 'di kaya'y pagpunta sa mga dagat, kabundukan, o iba pang uri ng ekoturismo at anopang mayroong kinalaman sa kapaligiran (Wood, 1980, p. 573; Alampay & Libosada, 2005, p. 129). Habang ang *wanderluster* ay kamalayang nasusukat sa ingklinasyon sa pagtuklas ng ibang kultura at pamumuhay, samakatuwid, kinahuhumalingan nito ang anomang gawain at lugar na may kinalaman sa historikal, sosyolohikal, at kultural na kapakinabangan (Wood, 1980, p. 573). Para kay Gray (1970 as cited in Leiper, 1989), multi-dimensiyonal ang paglalakbay ng mga *wanderluster* habang mono-destinasyonal ang *sunluster.* Ngunit sinalungat naman ni Leiper (1989) ang tipolohiyang ito ni Gray (1970). Aniya, may *nuance* at hindi konstant ang kategorisasyong ito dahil "*…a person can be a wanderluster one year and a sunluster the next* (Leiper, 1989, p. 271)."

Gayumpaman, hindi palasak ang kategorisasyong ito para sa mga Pilipino. Dahil bukod na ito ay isang konseptong hinango sa kulturang Aleman—*wandern (hike)* at *lust (desire),* iba ang pagtrato ng mismong mga Pilipino sa kaniyang paglalakbay at sa sarili bilang manlalakbay. May tendensiyang payak na isang kabuoang "paglalakbay" lamang ang maitatrato sa tuwing ito'y nagsasagawa ng relaksasyon (ng parang sa mga *sunluster*) at kultural na gawain (ng parang sa mga *wanderluster*). Kaya nga't iba-iba rin ang tumbasan ng mga Pilipino sa konteksto ng sariling paglalakbay—i.e. *pagpanakayon, pagpangayaw, paglugayaw* para sa mga Kabisayaan at *panagpapasyar, panagaawel, panagbanyaga* (Tugano, 2023b, p. 2). Liban pa rito, higit na nakatuon sa ekonomikong dahilan ang mayoryang paglalakbay ng mga Pilipino—*i.e.* sa kaso halimbawa ng mga migranteng manggagawa. Kaya't hindi katulad ng panukala nina Gray (1970) at Leiper (1989), may sumasagkang suliranin kung papaano maikakategorya ang mga Pilipinong manlalakbay pagdating sa usapin ng turismo. Para sa akin, magkaiba halimbawa ang Pilipinong turista at Pilipinong turista-turistahan—*i.e.* mga Pilipinong nagpapanggap na turismo ang pakay ngunit kalauna'y trabaho pala ang hanap sa ibang bansa.





*Diagram 1. Pangunahing Salik ng Paglalakbay*
*(Tugano ngayong 2024, ang modelo ay hiniram sa Wengel et al., 2022).*

Sinadya sa panimulang ito na maipaliwanag ang konteksto ng manlalakbay. Tao ang isang manlalakbay. Tao rin ang sentro ng lahat ng diskursong binubuo at sinusubukang dalumatin sa pag-aaral na ito. Layunin na hanapin ang lokalisasyon at posisyonalidad ng Pilipinong manlalakbay at paglalakbay. Higit sa lahat, tao rin ang bumubuhay sa turismo. Kaya't malinaw ang katangian ng pandaigdigang turismo bilang tagatanggap ng mga manlalakbay na naghahanap ng kasiyahan at kapasyahan sa anyo ng samo't saring aktibidades o 'di kaya'y mga kaalamang nahahango mula sa isang imersiyon (Lindstrom, 2009, p. 112).

Naglatag ng apat na pangunahing aspekto (Diagram 1) upang maipaliwanag ang kasaklawan ng turismo at paglalakbay ng isang indibiduwal at/o grupo ng mga manlalakbay: (1) paglalakbay at persona; (2) paglalakbay at paggalaw; (3) paglalakbay at panahanan; at (4) paglalakbay at puntahang lugar.

**Paglalakbay at persona.** Sa aking mga naging paglalakbay, samo't sari rin ang nasaksihang kategorisasyon ng persona o mga taong naglalakbay. Dulot ng kaalwahan sa oras at pamumuhay, hindi maikakailang karamiha'y sa kanila ay buhat sa Europa at Amerika at tumutungo sa malalayong bansa bitbit ang kanilang malalaking bag na malayang umiikot-ikot at/o tumatawid-tawid sa iba't ibang bansa at/o lungsod. *Backpacker* ang kadalasang tinatawag dito (Pearce, 2007, p. 39; O'Regan, 2018, pp. 193-195 as cited in Tugano, 2021a, p. 360). Sa prosesong ito, ang manlalakbay ay sila ring nakapagdedesisyon kung saan, kailan, at/o papaano sila makapaglalakbay sa mga bansang nais nilang marating. Sa ilang pag-aaral

(Salvaggio, 2016; Jensen & Hjalager, 2019; Bella & Yothers, 2021) gamit ng ilang kasong karanasan nakabuo ang lahat ng isang pagdalumat ukol sa kultura ng mga *backpacking travel.* Gayumpaman, lumilitaw na isa itong kategorisasyon ng personang Kanluran na may kahirapang maging kultura rin ng mga Pilipino. Ang mga dahilan ay nabanggit ko na—*i.e.* kapangyarihan ng ating pasaporte, uri ng pamumuhay, at *minimum annual leave* mayroon ang Pilipinas. Hindi katulad ng mga nasa Europa at Amerika, naging kultura nila ang paghahanapbuhay sa loob ng anim na buwan hanggang dalawang taon, mag-iipon, at aalis *(resign)* sa trabaho upang maglakbay. Madali lamang sa kanila ang makapaghanap muli ng trabaho—isang bagay na may kahirapang maabot ng mga Pilipino. Halos walang binubuong karera *(career)* ang ilang mga Kanluraning *backpacker.* Sa katunayan pa nga'y sumibol ang konsepto ng *begpacker,* isang *portmanteau* ng *"begging"* at *"backpacking"* (Marcus, 2023). Ito ay uri ng mga manlalakbay na nanlilimos sa anyo ng pagkanta at pagperform sa publiko upang magkaroon ng pondo para sa kanilang sariling paglalakbay. Kalimitan itong makikita sa India, Indonesia, at Thailand at ang karamihan pa rito'y mga Kanluraning manlalakbay (Marcus, 2023). Isang pribilehiyo para sa mga Pilipino ang maging *backpacker.* Karamihan sa kanila'y mga *expat* pa nga o 'di kaya'y naging mamamayan na ng isang bansang may makapangyarihang pasaporte. Sa ngayon, isa si Dr. Nilo Ocampo ng U.P. Diliman sa mga personal na kilala kong maituturing na Pilipinong *backpacker*. Sa kaniyang pagpapakilala sa aklat na *Kristong Pilipino: Pananampalataya kay Jose Rizal,* sinabi niya na siya'y "…galugad rin sa buong Pilipinas, nakabakpak man o nakabisikleta, at dalaw-dalaw sa mga makasaysayang lunan ng Asya, Europa, Amerika, at Africa (Ocampo, 2011)."

Maoobserbahan din ang iba pang persona ng mga manlalakbay. Ito ay ang pangkatang paglalakbay o *group tour—i.e. good will tours* at *escorted tours* (Askari, 1971, p. 40) at *tourism package* (Moliner et al., 2007) kung saan madalas silang gumagamit ng mga ahente *(travel agency)* na siyang mag-aayos ng kabuoang daloy ng paglalakbay mula sa itineraryo hanggang sa mga tutuluyan at pupuntahang lugar. Nagsisilbing tagapamagitan ang mga ahente sa lahat ng aspektong may kinalaman sa paglalakbay kaya't matatawag ding *package tour* ang ganitong sistema (Chacko & Nebel, 1993, p. 70; Moutinho et al., 2015, p. 620). Ngunit mayroon itong limitasyon. Bukod sa may napakaraming kasama sa paglalakbay at mayroon itong kani-kanilang sariling kagustuhan at interes, kontrolado o limitado lamang ang mga lugar na mapupuntahan. Samakatuwid, kabaliktaran ito ng malayang paglalakbay ng mga *backpacker.* Sa ngayon, naglipana sa mga Pilipinong *Facebook Page* at *advertisement* ang mga *tour package* na magbibigay-katuparan upang maglakbay sa iba't ibang rehiyon—*i.e.* Europa, Balkan, Holy Land, Africa, Timog Silangang Asya, at marami pang iba.[6] Sa kasaysayan ng

[6] Tingnan bilang mga halimbawa (Avian Summit Travel Corporation, 2024; Continental Travel and Tours, 2024; Pilgrimage Tours—Holy Land and Europe, 2024).

turismo at paglalakbay sa Pilipinas, posibleng bago-bago pa lamang ang mga *tour package* sa ating bansa. Ayon kay Richter (1980), dekada 1970—pinauunlad at isinusulong pa lamang ng *Board of Travel and Tourist Industry* (magiging *Department of Tourism*) ang mga murang *travel package* bagaman sa kaso ito ng mga domestikong paglalakbay (Richter, 1980, pp. 249-250). Halos kasabayan ito ng paglitaw ng mga *backpacker hostel* sa Timog Silangang Asya katulad ng Thailand, Malaysia, Singapore, Indonesia, Vietnam, Laos, at Cambodia sa pagitan ng dekada 1980 at 1990 sapagkat umuusbong na rin noon ang *backpacking travel* sa rehiyon (Betteridge, 2016, as cited in Tugano, 2021c, pp. 137-138).

**Paglalakbay at paggalaw.** Nasasalamin din sa bawat paglalakbay ang paraan ng mobilisasyon ng isang tao at/o grupo ng tao sa kung papaano sila pumapasok at/o lumalabas sa dinarayong bansa. Sa aking mga naging obserbasyon dahil sa ideya ng *backpacking travel,* may ilang mga turista ang nagtatagal ng isa hanggang dalawang buwan sa isang partikular na bansa. Samantala, may ilan din namang patawid-tawid sa magkakatabing mga bansa na kadalasa'y bumibilang lamang ng ilang linggong pananatili roon. Samakatuwid, depende ang *travel duration* sa kagustuhan ng mismong naglalakbay. Dahil sa literal na magkakatabi halimbawa ang mga bansa sa Timog Silangang Asya (liban sa Pilipinas)[7] kaya't nagiging posible ang paglalakbay sa kalupaan sakay ng bus, *van*, o 'di kaya'y mga inarkilang kotse *(rented car).* Gayumpaman, kahit magkakatabi ang mga bansang ito sa Timog Silangang Asya, lahat ay nahahanggahan ng *border immigration* na kailangang pagdaanan ng kahit anomang nasyonalidad. Isa ito sa mga pinagkaiba ng karamihang bansa na nasa Europa lalo na ang mga Estadong Schengen.[8] Malayang nakalalabas-masok at magpatawid-tawid sa kahit anong bansa ang mga turistang tangan ang bisang Schengen sa pamamagitan ng tren

[7] Sa mainland na bahagi ng Timog Silangang Asya, posible ang paglalakbay sa kalupaang nagdurugtong sa mga bansang Vietnam, Cambodia, Myanmar, at mula sa Thailand, mapupuntahan ang Malaysia hanggang Singapore. Gayundin sa Isla ng Borneo, makararating at/o magkakatabi ang Sabah at Sandakan na bahagi muli ng Malaysia; Brunei Darussalam; at ang Kalimantan sa Indonesia. Sa kaso naman ng arkipelagong Indonesia, posible ang pagtawid dito sakay ng *ferry* mula Tanah Merah o Singapore Cruise Center papuntang Bintan at Batam na kapwa bahagi ng Riau Island. Magkatabi rin ang Nusa Tenggara Timur (Motamasin, Wini, at Motaain), Indonesia at East Timor. Samakatuwid, tanging Pilipinas lamang ang walang literal na "katabing bansa" sa lupa. Bagaman, nakapaglakbay na ako sa Kinabatangan sa Sandakan, Malaysia hindi ko pa nararating ang mga dulong lungsod nito ang Lahad Datu at Semporna na kapwa nakaharap sa Sulu Sea. Ang Ilog Kinabatangan ay umaagos palabas ng Sulu Sea. Kaya't 'di ako nakasisiguro kung may legal na border at/o biyaheng namamagitan sa katubigan ng Pilipinas at Malaysia. Gayong nagsilbi ang Sabah bilang *backdoor* ng Pilipinas.

[8] Ang mga bansang nasa ilalim ng Schengen ay Austria, Belgium, Croatia, Czech Republic, Denmark, Estonia, Finland, France, Germany, Greece, Hungary, Iceland, Italy, Latvia, Liechtenstein, Lithuania, Luxembourg, Malta, Netherlands, Norway, Poland, Portugal, Slovakia, Slovenia, Spain, Sweden, at Switzerland.

o bus *(Flixbus)*.[9] Samakatuwid, dalawang *border control* lamang ang sumusuri sa mga manlalakbay—ang bansang *point of entry* at ang bansang *point of exit.* Gayumpaman, hindi lahat ng mga bansang nasa Europa ay mapapasok kahit sabihin pang napagkalooban ng bisang Schengen sapagkat may ilang bansa rito ang nagpapahintulot lamang ng pagpasok kung ang bisa ay nasa kondisyon ng *multiple-entry.* Kabilang dito ang mga bansang Balkan katulad ng Serbia, Bosnia and Herzegovina, Bulgaria, at Romania at sa panig ng bansang Andorra at San Marino.

Bakit inihahalimbawa sa bahaging ito ang kaibahan ng Timog Silangang Asya at Europa sa paggalaw ng sinomang manlalakbay? Dahil marami pa ring turista kabilang na ang ilang mga Pilipino sa mga hindi nagiging responsable at malay sa batas na umiiral sa mga hanggahan *(border).* Noong Enero 17, 2023—sa hanggahan ng Mae Sot, Thailand at Myawaddy, Myanmar,[10] inaresto ng pamahalaang Burmese ang 25-taong gulang na Pilipinang turista na tumawid mula Mae Sot hanggang Myawaddy sakay ng isang bangka (Lazaro, 2023). Mahigpit na ipinagbabawal ang pagtawid sa hanggahang iyon liban na lamang kung mayroong *permit.* Mararating lamang ang Myanmar sa pamamagitan ng mga paliparan ng bansa. Hindi sapat na dahilan at kaalaman na bagaman pribilehiyong *visa free* sa isa't isa ang mga bansang kasapi ng *Association of Southeast Asian Nations* (ASEAN) nananatili pa rin itong nakabatay sa umiiral na batas ng bawat bansa. [11]Ito ang dahilan kung bakit kinakailangan ng isang Pilipinong manlalakbay na matutuhan ang saysay ng paglalakbay at paggalaw sa labas ng Pilipinas.


Upang maunawaan ang kaibahang ito, ginamit ang modelo nina Lau at McKercher

[9] Halimbawa nito ay ang aking paglalakbay nong 2018. Mula Lisbon, Portugal ay makapupunta sa Madrid, Spain sakay ng *Flixbus.* Ang Flixbus ay isang kompanya ng bus na itinatag sa Germany noong 2011 (Gaggero et al., 2019, p. 2) na may multi-ruta sa iba't ibang lungsod ng Europa. Noong 2023, kasama ang aking asawa naging posible rin ang bus mula Budapest, Hungary hanggang Bratislava, Slovakia; Slovakia hanggang Brno, Czech Republic; at hanggang Vienna, Austria.

[10] Isang *border* ng Thailand at Myanmar na aking narating noong 2017.

[11] Batay sa kondisyong napagkasunduan ng ASEAN, ang mga Pilipinong pasaporte ay makapapasok sa kapangyarihan ng *visa free* sa iba pang kasaping bansa ng organisasyon—Indonesia (30 araw); Singapore (30 araw); Malaysia (30 araw); Brunei Darussalam (14 araw); Vietnam (21 araw); Thailand (30 araw); Laos (30 araw); Cambodia (30 araw); at Myanmar (14 araw). Gayumpaman, katulad ng Myanmar, may natatanging batas ang ilang bansa hinggil sa pagpasok at paglabas ng mga Pilipino. Sa Thailand, pinahihintulutan lamang makapasok nang dalawang beses bawat taon sa kanilang bansa ang Pilipinong pasaporte kung ito'y gagamit ng *land border crossing*. May isang kaso sa aking paglalakbay—ikalawang pagpunta sa Brunei Darussalam na bagaman pribilehiyong makapasok sa kanilang bansa sa loob ng 14 na araw, hiningi ng awtoridad ang aking return ticket pabalik ng Pilipinas. At dahil batay sa *ticket*, 5 araw lamang ako mamamalagi sa Brunei sa halip na 14 araw, 6 na araw lamang ang iginawad sa aking pananatili. Hindi nawala sa aking agam-agam, na marahil ang ganitong pagkontrol sa pagpasok nating mga Pilipino hindi lamang sa kaso ng Thailand at Brunei Darusalam ay posibleng may kinalaman sa mga kinasangkutan nating paglabag sa batas ng imigrasyon.

(2006) (Diagram 2) bilang batayang padron ukol sa paglalakbay at/o paglilipat ng mga turista sa daigdig. Kanilang hinati sa tatlong uri ang paglalakbay at paglilipat ng mga manlalakbay–isahang paglipat *(single movement)* (SM), maramihang paglipat *(multiple movement)* (MM), at kompleks na paglipat *(complex movement)* (CM). Ang SM ay nagaganap lamang kung ang isang manlalakbay ay umaalis, tumatawid, at bumabalik sa dalawang magkaibang bansa gamit ang iisa at/o parehong ruta (Lau & McKercher, 2006, p. 40). Isang magandang halimbawa nito ay aking naging paglalakbay mula Pilipinas hanggang Taiwan at/o Pilipinas hanggang Australia. Matapos ang ilang linggong paglalakbay, sa parehong ruta bababalik muli ng Pilipinas.[12] Nahahati naman sa tatlong subdibisyon ang MM *base site, stop over,* at *chaining loop.*




Tinatawag bilang *base site* kapag nagaganap ang paglalakbay mula sa pinagmulang bansa patungo sa destinasyong bansa. Ang destinasyong iyon ay siyang magiging base o portal patungo sa hindi hihigit sa isa pang bansa (Lau & McKersher, 2006, p. 42). Halimbawa nito ay ang aking pag-alis noong 2015 mula Pilipinas patungong Cambodia. Ilang araw makalipas, tumawid ako mula Cambodia patungong Thailand at bise-bersa upang muling bumalik sa Pilipinas.[13]

[12] Masasabing SM ang isang paglalakbay kung papasok ang indibiduwal sa hindi hihigit pa sa isang bansa. Ang aking paglalakbay sa Taiwan (2017) ay umikot lamang sa Taipei at Hualien. Samantalang noong 2016 at 2020, ang narating lamang sa Australia ay mga lungsod ng Sydney, Melbourne, at Canberra. Katulad ng Pilipinas, kapwa walang katabing bansang pinagdurugtong ng kalupaan ang Taiwan at Australia.

[13] Baguhan pa lamang ako sa paglalakbay kung kaya't hindi naging praktikal ang paglalakbay na ito. Nang mapasok ang Cambodia via Siem Reap International Airport, aking nilakbay ang lungsod. Pagkatapos nito'y tinawid ang Thailand via Aranyaprathet-Poi Pet land border sakay ng bus at van. Kung tutuosin, maaari at/o praktikal nang bumalik mula Thailand pabalik ng Pilipinas. Ang aking kamalian, muling pumasok ng Cambodia para makauwi ng Pilipinas

Ang *stop over* ay nagaganap naman kung tutungo sa isang destinasyong bansa ngunit kinakailangan munang tumigil, lumapag, at/o dumaong sa isa pang bansa (Lau & McKersher, 2006, p. 42). Kadalasan itong nangyayari kung mahaba at walang direktang ruta patungo sa destinasyong bansa. Kalimitan itong mapapansin sa mga rutang patungo sa Europa at Amerika mula sa rehiyon ng Asya. Malimit ang ganitong karanasan sa aking mga naging paglalakbay—*i.e.* Manila patungong Nepal *via* Dhaka, Bangladesh (2013); France *via* Guangzhou, China (2018); France *via* Manama, Bahrain (2023); at Casablanca, Morroco *via* Jeddah, Saudi Arabia (2023). Gayumpaman, kaakibat ng paggalaw na ito ang kondisyon ng bawat *stop over* na bansa sa usapin ng bisa.[14]

Inilalarawan naman ng katangiang *chaining loop* ang paggalaw ng isang manlalakbay na mula sa pinagmulang bansa ay tutungo sa destinasyong bansa. At mula sa destinasyong bansa, lilipat ang manlalakbay sa iba pang bansa. Samakatuwid, hindi na muling babalikan pa (walang repetisyon) ang unang bansang pinasok. Sa halip, magkakaroon na ito ng panibagong ruta. Mula sa panibagong bansa, ganap nang babalik ang manlalakbay patungo sa orihinal niyang tahanan (*i.e.* Pilipinas) (Lau & McKersher, 2006, p. 42). Isang halimbawa ang aking naging paglalakbay mula Pilipinas patungong France at babalik kinalaonan sa Pilipinas mula naman sa Netherlands. At ang aking paglalakbay mula sa Pilipinas patungong Kota Kinabalu, Malaysia at pagkaraan ng isang linggo ay uuwi sa Pilipinas mula naman sa Bandar Seri Begawan, Brunei Darussalam.

Natatangi ang paggalaw sa proseso ng *complex movement* na paglalakbay. Itinatadhana ng *complex destination region loop* bilang unang uri ng *complex movement* kung ang isang indibiduwal mula sa unang destinasyong bansa at maglalakbay sa maraming bansa at kalauna'y muling babalik sa naging unang destinasyong bansa. Katulad lamang ito halos ng *chaining loop* ngunit ang

[14] Sa sistema ng *stop over o layover*, maaaring makatawid ng imigrasyon sa pamamagitan ng transit visa o temporary visa. Iginagawad ito ng awtoridad kung ang panandaliang pagtigil ng isang manlalakbay ay aabot ng higit sa isang araw bago ang itinakdang paglipad sa pinal na destinasyong bansa. Kadalasang itong mapapansin sa China na libreng nagbibigay ng transit visa sa kanilang paliparan. Gayumpaman, may ilang bansa na pinahihintulutang manatili (stop over) ang isang manlalakbay sa paliparan sa loob lamang ng hindi hihigit sa labingdalawang oras. Samakatuwid, ang hihigit rito ay mandatoryo nang kukuha ng *pre-arrival transit visa*. Ito ang dahilan kung bakit ako nakapanatili sa loob ng paliparan ng Jeddah, Saudi Arabia bago marating ang pinal na destinasyong Morocco dahil dalawang oras lamang ito. Ibang kaso rito ang aking paglipad papuntang France at mayroong stop over na walong oras sa Manama, Bahrain. Upang makasiguro, kumuha na lamang ako ng *E-visa* bago ang araw ng paglipad. Nabigyan ng 14 araw na bisa gayong 8 oras lamang ang aking itinakdang *stop over* kaya't nagkaroon ako ng pagkakataong mabisita ang ilang makasaysayang lugar ng Manama at Juffair. Iba rin ang kaso ng stop over sa mga bansang *visa free* naman talaga ang mga Pilipinong pasaporte. Makalalabas kung gayon gaano man kahaba ang itinakdang stop over. Kabaliktaran nito ang stop over sa mga bansang katulad ng Estados Unidos at United Kingdom na mandatoryong nangangailangan ng transit visa gaano man kaikli at/o kahaba ang stop over ng isang manlalakbay.

kaibaha'y bumabalik ito at/o mayroong repetisyong nagaganap (Lau & McKersher, 2006, p. 42). Nangyayari ito kung ganap nang uuwi ang manlalakbay sa kaniyang sariling *home country* ngunit kinakailangan muna niyang bumalik sa anomang bansang narating—kung saan posible at/o mayroong direktang ruta pabalik sa sariling *home country.* Sapagkat may ilang mga paliparan ang wala talagang ruta pabalik sa isang espesipikong bansa. Liban na lamang siyempre kung magsasagawa ng *multiple movement* partikular na ang *stop over.* Halimbawa nito ay ang aking naging mahabang paglalakbay sa Timog Silangang Asya. Nagsilbing *point of entry* ang Bangkok, Thailand at mula roo'y patawid-tawid nang nilakbay ang Cambodia, Vietnam, at ang Laos bilang huling destinasyon. Walang direktang rutang panghimpapawid ang nag-uugnay sa Laos at Pilipinas. Kung kaya't mula sa Luang Prabang, Laos, muling tinawid ang *land border* nito sa Thailand hanggang sa marating ang Chiang Mai.[15]

Samantala, ang ikalawang uri ng *complex movement*—ang *complex neighborhood* ay nangyayari lamang kung pinagsama-sama na ang lahat ng nabanggit na uri ng paggalaw (Lau & McKersher, 2006, p. 42). Isang magandang halimbawa nito ay ang paglalakbay at/o pagtatawid-tawid ng indibiduwal sa napakaraming bansa habang hindi pa at/o wala pang napagdedesisyonang huling destinasyong bansa o *point of exit* pabalik sa sariling *home country.* Katulad ng nabanggit, ito ang kalimitang uri ng paggalaw na siyang nasasalamin sa halos lahat ng mga *backpacker.* Sa katunayan, hindi ito naaangkop at/o hindi posibleng gawin ng isang Pilipinong manlalakbay na nakabase at/o mamamayan ng Pilipinas. Dahil sa *Philippine Immigration* pa lamang, hinahanapan na ang bawat mamamayang Pilipino ng *return ticket* bago pahintulutan ang embarkasyon. Liban na lamang kung isasakripisyo ng isang indibiduwal ang binayarang *return ticket* kung nais nitong maglakbay sa maraming bansa habang wala pang kasiguradohan hinggil sa itinakdang petsa at itinakdang huling destinasyong bansa bago bumalik sa Pilipinas.

**Paglalakbay at panahanan.** Pinahahalagahan sa industriya ng turismo at paglalakbay ang iba't ibang uri ng panuluyan at/o panahanan *(accommodation).* Sinalamin ng ilang pag-aaral (Goodall, 1989; Visser & Huyssteen, 1999; McKercher et al., 2023) na ang panahanang pangturismo at/o paglalakbay ay nagsisilbing *determinant* sa pagdami ng mga turista, dahilan upang higit na makilala ang isang pook. Kasabay ng yumayabong na industriya sa paglalakbay, lumitaw na

[15] Bibihira pa rin ang direktang paglipad mula sa Chiang Mai, Thailand pabalik ng Pilipinas. Gayumpaman, higit itong praktikal kung ikokompara sa pagtawid mula Laos hanggang Vietnam o Cambodia pabalik ng Pilipinas. Una sa distansiya mula sa Luang Prabang, 728 kilometro ang layo nito sa Hanoi samantalang 985 kilometro kung babalik muli ng Siem Reap sa Cambodia. Malayo rin ang Bangkok para sa 900 kilometro. Ang Luang Prabang hanggang Chiang Mai ay 590 kilometro lamang. Kaya't mula Chiang Mai, nagkaroon pa rin ng stop over sa Singapore kung saan naging posible ang pagbabalik sa Pilipinas.

rin ang iba't ibang uri at katangian ng panahanang ito—*i.e. hotel, resort, motel, hostel, bed and breakfast, guest house, cottage, apartment, cabin,* at *chalet* (see, Barten, 2023). Sa mga gunita ng aking paglalakbay sa higit na isang dekada, maoobserbahan na ang panuluyang ito ay nakabatay pa rin sa persona ng bawat manlalakbay. Halimbawa, makikita sa ilan na sabihin na nating mga "maykaya" na manlalakbay ay tumutuloy sa mga 4 hanggang 5 *Star hotel.* Karaniwan itong pinipili ng buong pamilyang naglalakbay kasama ang kanilang mga anak. Mayorya ng aking mga naging paglalakbay ay inilaan at nagpakaranas sa buhay ng isang *backpacker.* Ang mga ito ay tumutuloy sa mga *hostel*, dormitoryo, *guesthouse*, *camp site, transient*, at mga murang matutuluyan. Kaya't malaki ang naging pakinabang ng mga *hotelier* o nangangasiwa sa mga panuluyan at panahanang pangturismo katulad ng *Booking.com, Expedia, Tripadvisor,* at iba pa (Huyghe & Cokelaere, 2021, p. 5). Sa kasalukuyan, umusbong din ang tinatawag na *Airbnb* o uri ng panahanang ipinarerenta ang isang kuwarto at/o buong bahay para sa mga manlalakbay. Ang makabagong panahanang ito ay gumanap bilang ambag sa tinatawag na "*rise of the sharing economy"* (Zervas et al., 2017).

Gayumpaman, ang mga *backpacker hostel* ay nananatiling ninuno ng lahat ng mga panuluyan at panahanang ito. Katulad ng nabanggit, mas maagang sumibol ang *backpacking* sa kasaysayan ng paglalakbay. Kasabay nitong lumitaw ang penomeno ng *hostel backpacking* o panuluyan at/o panahanang abot-kaya (Brochado & Gameiro, 2013, p. 94). Kadalasang nakahiwalay ang mga babae at lalaking manlalakbay. Binubuo ng apat hanggang isang dosenang kamang *double decker* ang bawat kuwarto. Tumutumbas halos sa mga tipikal na panuluyang mayroong sariling *pool* kung minsan, restawran, libangan, at imbakan ng mga gamit (Brochado & Rita, 2016, p. 1504). Malaki ang itinitipid nito sapagkat karaniwang nagkakahalaga ito ng 3 hanggang 7 dolyar (USD) bawat gabi. Kung minsan may libreng almusal, *internet*, at *aircon.* May punto ang mga obserbasyong ito dahil mas pinipili ng ilang mga *backpacker* na magkaroon ng pagkakataong makasalamuha ang mga kapwa-manlalakbay para mabahaginan ng mga karanasan at kuwentong paglalakbay (Ryan & Mohsin, 2001, p. 72; Brochado & Rita, 2016, p. 1503). Kaya't tila bagang nagiging espasyo rin ang mga *hostel* ng umpukan, pagpapalagayang-loob, at mga natatanging kaalaman (Kerry, 2013, p. 34). Sa mga ganitong pagkakataon ko minsan naibabahagi sa mga banyagang manlalakbay kung ano ang hitsura ng Pilipinas; sino ang mga Pilipino; at marami pa nga sa mga ito ay nahikayat kong pumunta sa Pilipinas—*i.e.* ang naging kaibigang Aleman at Afghan na aking nakilala sa Bali, Indonesia.

Sa mga *hostel* na ito, nakita ko ang Pilipinas. Isang bagay na sana'y nakikita rin sa sariling bansa. Sa naunang pag-aaral (Tugano, 2021c), nagkaroon ng ilang paghahambing ang Pilipinas at sa lahat ng lungsod sa Timog Silangang Asya na aking narating. Bukod sa limitadong akses ng transportasyon, makikita

rin sa paliparan ang kakulangan sa mga *guide map* na magagamit sana ng mga turista bilang panimulang gabay sa mga posibleng puntahan sa Maynila. Isa ang Maynila sa mga lungsod na hindi gaanong kakikitaan ng mga *backpacker.* Malayong-malayo sa mga lungsod ng Bangkok, Phnom Penh, Hanoi, at iba pa. Lalo pa't gaya ng mga nabanggit na lungsod, historikal ang Maynila at mayaman sa mga museo at natatanging lugar. Nagiging *lay-over* lamang ng karamihang banyagang turista ang Maynila bago pumunta sa mga pamosong lugar para sa kanila katulad ng Palawan, Cebu, at Boracay. Gayundin, napansin ding hindi pa gaanong napagyayaman sa Pilipinas ang kultura ng *backpacker hostels* na makikitang hile-hilera sa ibang lungsod sa Timog Silangang Asya. Mahalaga rin ang ginagampanang papel ng mga *hostel* sapagkat isa ito sa mga ahenteng makapagtuturo sa iba pang puntahang lalawigan ng Pilipinas. Sa katunayan, sa pananaw ng ilang Pilipino, ang *hostel* (o *motel*) ay nakasentro pa minsan sa negatibong konotasyon, halimbawa sa usapin ng pagtatalik at prostitusyon (see, Tugano, 2021c, pp. 137-141).

**Paglalakbay at puntahang lugar.** Ganap kong sinang-ayonan ang pamagat na aklat ng Pilipinong manlalakbay na si Gideon Lasco (2020)—*The Philippines is not a Small Country.* Malaki at/o malawak ang geograpikal na katangian ng Pilipinas na naghahain ng iba't ibang puntahang lugar, kaakibat ng mga maaaring gawin dito. Ngunit marami pa ring salik ang kinakailangang pag-isipan nang sa gayo'y higit na makilala ang Pilipinas sa pandaigdigang turismo. Sa naging sariling pag-aaral (Tugano, 2021c, pp. 120-161), komprehensibong naipalawig ang aspektong ito na kung bakit kinakailangan pa ring higit na palakasin ng turismo sa Pilipinas. Una, bagaman pinauunlad pa rin, nananatiling limitado ang akses ng transportasyong pangturismo. Ayon sa tala ng *Traffic Index* noong 2019, pumapangalawa ang Maynila, sumunod sa Bengaluru, India sa mayroong pinakamalalang trapiko. At ngayong 2023, siya nang pinakamalala (Yu, 2024). Sa mga suliraning ito, muling nakita ang Pilipinas mula sa mga dinayo kong bansa sa entiyerong Timog Silangang Asya. Dekada 1960, magkasabayang pinag-isipan ng Bangkok, Thailand at Pilipinas ang pagpaplanong urban ngunit kalauna'y higit na naging mabilis ang Thailand sa paglilinang ng infrastrukturang panlupa at pantubig na matagal na nilang ginagamit bilang moda ng transportasyon (Tugano, 2021c, pp. 125-126). Gayundin, ang maalwang sistema ng tren sa Singapore City, Singapore; Kuala Lumpur, Malaysia, at Bangkok na patuloy pa ring dumarami ang ruta't linya. Interkonektado ang tren sa bawat paliparan na nagiging madali para sa mga banyagang manlalakbay na bisitahin ang lungsod. Noong 2018, naunahan ng Jakarta, Indonesia ang Maynila sa pagkakaroon ng tren na dumurugtong sa pandaigdigang paliparan (Tugano, 2021c, pp. 126-137). Ngayong 2024, ang Indonesia ay nagtataglay na ng isang tren, may bilis na 350 kilometro bawat oras, makapagdadala halimbawa mula Jakarta hanggang Bandung sa loob lamang ng kalahating oras, orihinal na inaabot ng 3 hanggang 4 na oras sa kotse (Fenis,

2024). Ito rin ay nakabatay sa naging obserbasyon ni Magello Rainer Fenis (2024), isang Pilipinong iskolar sa Indonesia at naging kamag-aral sa Asian Center, U.P. Diliman noong 2018. Aniya:

> Just wanted to share my recent commute from Bandung to Jakarta. While it usually takes 3-4 hours by car, this high-speed train got me there in just 29 minutes. I don't usually post my commuting experiences on social media but riding on public transportation with a maximum speed of 350 kilometers per hour is something crazy and worth sharing. I feel somewhat envious of the transport system here in Indonesia compared to the Philippines. I know this is part of the Chinese investment here in Indonesia which still worries me but there's no way we're going to have this back home. Posting this to make us realize how much we are left out compared to our ASEAN counterparts. We can't even have a train feeder transporting passengers from NAIA terminals or even an airport train to the city. How far are we lagging behind? (Fenis, 2024).

Naranasan kong sumakay sa bawat pampublikong transportasyong mayroon ang sampung bansa sa rehiyong ASEAN. Kaya nga't ang karanasang ito ay naisulat sa isang ganap na artikulo (see, Tugano, 2021c). Bakit kailangang idiin sa bahaging ito ang diskurso ng transportasyon? Sapagkat ito ang behikulong magdadala sa mga manlalakbay patungo sa mga puntahang lugar ng bawat bansa. At sa bawat lugar na iyon, nakapaghahain ito ng iba't ibang gawaing pangmanlalakbay na karaniwang mababakas sa malawak na kasaklawaan ng turismo.

Maoobserbahan din ang mga tipikal na lugar at gawaing pangmanlalakbay na karaniwang pinupuntahan at pinagkakaabalahan ng mga turista. May ilang nahuhumaling sa mga akademikong gawain katulad ng pagpunta sa mga museo at iba pang lunan ng pandaigdigang yaman *(World Heritage Site)* o 'di kaya'y pagbisita sa bawat komunidad, sa anyo halimbawa ng imersiyon. Gayumpaman, sa mga espasyong ito, hindi maikakailang kakaunti ang bilang ng mga turistang tumatangkilik dito. Marami na akong mga napuntahang museo sa Asya, Africa, Australia, Europa, at Estados Unidos. Naipaliwanag ko ang ilan sa mga ito sa aking dalawang artikulo (Tugano, 2021b; Tugano, 2022b). Sa katunayan, marami sa mga museong ito ay hindi gaanong napapansin. Sa Louvre Museum sa Paris, France, hindi mahulugan ng karayom ang mga taong pinagkakaguluhan ang *Mona Lisa.* Samantala, marami pa ang mas makabuluhang ekshibit ang makikita rito—*i.e.* mga pamanang "Oriental" mula sa Asya-Pasipiko at Africa, kasama ang *bul-ul* ng Ifugao. Hindi naiwasang isipin ang proseso ng akwisisyon sa bawat artifakt. Kung titingnan, ang ganitong paraan ng paglalakbay ay karaniwan sa mga *wanderluster.* Gayumpaman, hindi lamang ito ang mukha ng isang paglalakbay. Uulitin ko ang sinabi ni Leiper, "*…a person can be a wanderluster one year and a*

*sunluster the next"* (Leiper, 1989, p. 271). Sa kambal na katangiang ito maaaring umunlad ang turismo at paglalakbay sa Pilipinas.

Para sa mga *sunluster* na manlalakbay, marami sa kanila ang nahuhumaling sa mga aktibidad na isinasagawa sa kalupaan, katulad ng *mountaineering, trekking, sand dunes,* kagubatan, disyerto, at iba pa. Habang ang iba ay may ingklinasyon sa himpapawid katulad ng *sky diving, paragliding, parachuting, bungee jumping,* at *ballooning.* Tampok din sa mga turista ang mga libangan sa katubigan—*i.e. parasailing/parascending, parachute, surfing, sailing, scuba diving, snorkelling, rafting, sea kayaking,* at iba pa. Higit na marami ang mga aktibidad na may kinalaman sa katubigan. Historikal ang pagkadalumat dito dahil karamihan sa mga bansang kakikitaan ng ganitong mga libangan ay posibleng may matagal ng karanasan o kasanayan mula pa sa panahon ng kanilang mga ninuno—*i.e.* mga Polynesyanong may kasanayan sa katubigan at mga sinaunang manlalakbay sa tubig ng Mekong at Svalbard (Jennings, 2007, p. 5; Brito-Henriques et al., 2010, p. 23)—samakatuwid, katulad ng Pilipinas.Kalimitang hinahanap ng mga *sunluster* ang tinuran nilang "kakaibang karanasan" (Faridi, 2018). Kailangang mabigyang linaw ang konteksto ng *kakaibang karanasan.* "Kakaiba" dahil hindi tipikal ang mga ginagawang aktibidad dito. Hindi tipikal halimbawa sa mga ordinaryong tao ang lumipad sa hangin, lumangoy sa malalim na katubigan, at umakyat sa kabundukan. Kaya't nagiging behikulo ng kasiyahang ito ang samo't saring aktibidad na maaaring maranasan sa paglalakbay.

Una, sa kalupaan partikular na ang pag-aakyat sa kabundukan. Bagaman teknikal, may pangangailangang mabigyan ng sapat na depinisyon ang mga gawaing nakaugnay dito. Sa kadahilanang napagkakamalian ng ilang manlalakbay ang kaibahan ng *hiking, trekking,* at *mountaineering.* Malaki ang kaibahan ng mga ito. Nagaganap ang *hiking* kung ang isang tao ay naglalakad ng ilang oras sa mga patag na lugar habang ang *trekking* ay kung inaabot na ito ng higit pa sa dalawang araw. Hindi na kinakailangan ng mga mabibigat na ekwipment sa *trekking* at *hiking.* Samakatuwid, ang *mountaineering* ay isang propesyonal na aktibidad, may kasanayan sa pag-akyat sa mga bundok na kadalasa'y umaabot ng ilang linggo o kung minsan, buwan (Merritt, 2019; Vogt, 2009, pp. 229-236; Vogt, 2010, pp. 276-304).

Pangalawa, sa himpapawid. Tipikal na maoobserbahan ang mga libangang katulad ng *parasailing* at *paragliding.* Ngunit mayroon din itong kaibahan. Ang una ay kumakanlong sa isang taong nakasakay sa isang *parasail* o kawangis ng *parachute* habang hinihila ng bangkang de-motor. Samantala, ang pangalawa ay kontrolado ng indibiduwal. Lumilipad ito batay sa tagal ng oras at direksiyong nanaisin (Diffen, n.d.). May kamahalan ang libangang *paragliding* dahil umaabot ito ng halos limang libong dolyar (USD) samantalang abot-kaya ang *parasailing* na

nagkakahalaga lamang ng 40 hanggang 50 dolyar (USD).

Panghuli, sa katubigan. Tampok para sa mga manlalakbay ang *diving, snorkelling, surfing, island hopping,* at iba pa. May direktang kaibahan ang diving at *snorkeling.* Simpleng bagay ang snorkeling dahil lumilibot lamang ang isang tao sa katubigang nasa paligid ng bangka  gamit ang isang *snorkel* o tubong ginagamit sa paghinga. Hindi maaaring pasukan ng tubig ang tubo kaya't kinakailangang suotin ang *life jacket* upang lumutang ang tao. Samantala, ang *scuba diving* ay isang komplikadong aktibidad dahil ginagamitan ito ng mga aparato at tangke ng hangin (Varniene, 2020). Iba-iba rin ang *scuba diving* batay sa propesyonalidad at lalim ng sisisiring tubig. Ang ilang halimbawa nito ay *drift diving, night diving, cave diving,* at *wreck diving* (Ninja Shark, 2019; Biodiversity, 2018). Liban sa karagatan, posible ring maranasan ang aktibidad sa mga tubig-tabang katulad ng *boating, wild river canoeing,* at iba pa.

Sa ganitong konteksto mapauunlad ang mga puntahang lugar sa Pilipinas. Ang Pilipinas ay hindi isang maliit na bansa—may lupa, himpapawid, at katubigan na maaaring maging sangkap at gawing kapital upang makabuo ng natatanging karanasan para sa dalawang uri ng manlalakbay. Gayumpaman, magiging posible lamang ang harayang ito kung higit na mabibigyang tuon ang promosiyon sa turismo ng Pilipinas. Isa sa preliminaryong rekisito ay ang mismong transportasyong magdadala sa mga nasabing puntahang lugar. Higit lalo ang kabatirang malaman ang lokasyon ng mga lugar na ito na nasasalamin sa mga *travel guide* at *guide map* na sana'y matagal nang ginagawa sa Pilipinas.

## Turismo at Paglalakbay sa Pilipinas at Timog Silangang Asya

Mapalad ang mga bansa sa Timog Silangang Asya sa pagkakaroon nito ng tropikal na klima at ekoturismo ng mga halaman at hayop *(flora at fauna)* na nagdala sa tumataas na bahagdan ng mga turistang pumapasok sa rehiyon taun-taon (Mazumder et al., 2016, p. 64; Dolezal & Trupp, 2015, p. 117). Nalalayo nang kaunti sa Europa at Hilagang Asya na may geograpikong *tundra* at *taiga* kaya't naging limitado upang magkaroon ng tropikal na karagatan, kabundukang may banayad na klima; at tropikong kagubatan. Habang ang Africa at Kanlurang Asya ay halos dominahin ng mga disyerto at ilang. Bagaman hindi naman sinasabing mababa ang antas ng turismo sa mga rehiyong nabanggit, ngunit nangingibabaw sa pagkakataong ito ang Timog Silangang Asya sa mga puntahang lugar ng mga manlalakbay mula sa Europa at Amerika. Adbentahe ng Timog Silangang Asya ang pagkakaroon ng tropikal na klima, isang panahong halos kinahiligan at ituring bilang perpektong klima sa mga turistang nagmumula sa mahabang panahon ng taglamig. Kaya nga't tuwing sasapit ang Hunyo hanggang Setyembre, dumaragsa naman ang mga turista sa Europa dahil panahon ito ng tag-init. Hindi naman

siguro mapagmalabis kong sasabihing ang tropikal na klima ay ideyal na panahon ng paglalakbay.

Malaki rin ang nagiging at/o magiging epekto ng umuunlad na turismo ng Timog Silangang Asya para sa mga lokal na mamamayan. Ang kaunlarang ito ay hindi na lamang naikakahon sa argumentong "nakapagbibigay ang industriya ng turismo ng kabuhayan para sa mga lokal na mamamayan (Firmansyah, 2017, p. 7138)." Ngunit, maaari na itong paalpasin bilang isang malaking dimensiyon ng kaunlaran sa iba't ibang salik ng lipunan (Dolezal & Trupp, 2015, p. 117) marahil sa anyong kultural, politikal, at sosyolohikal na aspekto.

Kaya't ang pagpapalawig at pagpapatibay ng turismo sa Timog Silangang Asya ay isang makrokosmong hakbangin. Sa halip na uring nasyonal ang pagpapaunlad dito, lumalabas na isang pangkabuoang obligasyon at pagtutulungan rehiyonal ang umiiral na hakbangin ng mga kasaping estado. Malinaw na binabanggit sa mga kasunduang rehiyonal ang pagtuon sa turismo ng ASEAN. Isa sa mga layunin ay ang pagyamanin ang kaunlaran at pagpapakilala sa ASEAN bilang isang rehiyong destinasyon ng mga turista (ASEAN, n.d.). Kaya't sinimulan ang kaunlaran sa mga hakbanging panloob—i.e. ang pagkakaroon ng pribilehiyong maging *visa free* sa bawat isa ang mga pasaporteng ASEAN. Pinangatuwiranan ito sa Artikulo blg. 1, Sek. 2 at 6 ng tsarter ang pagpapalawig ng relasyon sa mga kasaping bansa at posibleng maiuugnay sa turismo:

> *Sek. 2.* Magkaroon ng higit na katatagan sa rehiyon sa pamamagitan ng pagtataguyod ng lalo pang kooperasyong pampolitika, panseguridad, pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkultura
>
> *Sek. 6.* Mabawasan ang kahirapan at mapaliit ang agwat ng kaunlaran sa pagitan ng mga bansang kasapi ng ASEAN sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagdadamayan (SNMBSTSA, 2017, pp. 6-7).

Gayumpaman, hindi pa rin maiiwasan ang ilang puwang sa pagitan ng mga kasaping estado pagdating sa aspekto ng turismo. Sa inilabas na talaan ng *Global Data* noong 2018 (hanayan 2) pumalo ng halos 130 milyong dayuhang turista ang pumasok at/o bumisita sa mga bansang ASEAN at nilalayong pataasin ito hanggang 155 milyon sa pagtatapos ng taong 2022 (Salikha, 2019). Sa pagtatapos ng 2018, lumalabas na ang Thailand ay siyang may pinakamalaking bahagdan ng mga dayuhang turistang pumasok sa bansa—(38.3) na sinundan ng Malaysia (25.8); Singapore (18.5); Indonesia (15.8); at Vietnam (15.4).

| mga bansa | bilang ng mga dayuhang turista |
|---|---|
| Thailand | 38,300,000 |
| Malaysia | 25,800,000 |
| Singapore | 18,500,000 |
| Indonesia | 15,800,000 |
| Vietnam | 15,400,000 |
| Philippines | 7,100,000 |
| Cambodia | 6,200,000 |
| Laos | 4,100,000 |
| Myanmar | 3,600,000 |
| Brunei Darussalam | 1,400,000 |

Hanayan 2. Bilang ng mga turistang pumasok sa ASEAN (Global Data 2019 as cited in Salikha, 2019)

Kilala ang Thailand noong dekada 1980 bilang may reputasyong mapayapang bansa at tangan ang malaking kapasidad na solusyonan ang suliraning panloob nito (Richter, 1989, p. 93). Kaakibat nito ang kanilang mga mamamayang may pagpapahalaga sa kasaysayan, nasyonalismo, at sa mga pamanang bayan (King & Parnwell, 2011, pp. 382-383). Ngunit, ang higit na nagbunsod sa mas higit nitong pag-unlad sa pandaigdigang turismo ay ang kanilang promosyon para rito. Nagpapalit-palit ng temang pangturismo ang Thailand taun-taon (McDowall & Wang, 2009, pp. 356-357).[16] Naka-ugat palagi ang tema sa kabuoang kasaysayan, kultura, at kalinangang Thai. Bahagyang nalalayo sa hakbangin ng Pilipinas na may katagalang palitan ang mga temang pangturismo. Nagkaroon ng *WOW Philippines; Experience the Philippines;* at ang *It's More Fun in the Philippines* na tumagal ng higit sampung taon (2012-2023). At kalauna'y pinalitan ng *Love the Philippines* noong Hunyo 27, 2023 (Rivas, 2023). Sa katunayan, umani pa ito ng ilang puna sa *social media.* Nagmimistula at/o nagtutunog anilang "sapilitang ipinamamahal ang Pilipinas."

Aksesibilidad ang maituturong dahilan kung bakit nananatiling mataas ang turismo sa Malaysia at Singapore. Nagsisilbi itong neksus sa pagitan ng mga malalaking bansa sa *mainland* ng Timog Silangang Asya (Karim et al., 2014, p. 119). Higit

[16] *Thai Culture Promotion* (1994); *The Golden Jubilee* (1995-1996); *Amazing Thailand* (1997) at (1998-1999) na ibinalik noong (2001); *Amazing Thailand 2000*: *Enchantment for the Next Thousand Years* (2000); *Amazing Thailand 2002 Amazes the World*, *Be my Guest, and Celebrating Asia's Fascinating World of Mice* (2002); *Amazing Thailand – Unseen Thailand* (para sa lokal na turismo na naging pandaigdigan noong 2004) at *Amazing Thailand–Unseen Treasures* noong 2003; *Thailand Happiness on Earth* (2005); *Thailand Grand Invitation 2006* (2006); at *Sufficiency Economy Tourism* (2007 hanggang 2011). Higit na naging tampok ang Thailand noong 2015 sa pagpapakilala ng kampanya nitong *2015 Discover Thainess* (TAT Newsroom, 2015).

pa, ang maalwang transportasyon na isinasaalang-alang ng mga turista lalo na ang mga turistang nagmula rin sa mga bansang may maayos ring sistema ng transportasyon. Ang Indonesia, katulad ng Thailand, ay may matibay na kampanya sa turismo (Mariyono, 2017, p. 87). At katulad ng Malaysia, ang Indonesia ay nagsisilbing neksus sa pagitan ng Australia at Asya (Suparwoko, 2012, p. 65). Maraming lugar ang maaaring puntahan sa Indonesia katulad ng Aceh, Bali, Java, Sulawesi, Kalimantan, Nusa Tenggara, Maluku, Sumatra, Papua, at Yogyakarta. Kilala ang mga nasabing lugar sa mga magagandang dagat, kagubatan, at bundok. Katulad ito ng Vietnam na tampok din sa mga *flora at fauna.* Ang mga rehiyon ng Vietnam katulad ng Hilagang Silangan, *Red River Delta,* at *North Central Coast* at *South Central Coast* ay hitik at kilala sa mga magagandang dagat; Hilagang Kanluran para sa kagubatan at kabundukan; at *Mekong River Delta* na madalas gawing *point of entry* ng mga banyagang turistang pumapasok sa Vietnam.

Mapapansin sa kabilang dako ang mababang porsiyento ng mga turistang pumapasok sa Cambodia (6.2) at Laos (4.1). Kapareha ito ng Myanmar na may suliranin din pagdating sa transportasyon. Hindi rin basta-basta natatawid at/o napapasok ang Myanmar mula sa mga katabing bansa ang *land border crossing.* Kaya't may posibilidad na sa ilang pagkakataon hindi kadalasang naisasama ang Myanmar sa mga *backpacking tour* na destinasyon. Liban na lamang siyempre kung lilipad ang isang manlalakbay sa mga designadong paliparan ng Myanmar. Kung manggagaling halimbawa sa Thailand, dalawa lamang ang legal na hanggahan nito para makapasok sa Myanmar—ang Tachilek (malapit sa Mae Sai, Thailand) at Kawthoung (malapit sa Ranong, Thailand) (Ray et al., 2009, p. 107). At ito'y magiging posible lamang batay sa patakaran ng awtoridad sa anyo halimbawa ng mga permit. Posible rin tingnang dahilan ng pagkakaroon ng mababang antas ng turismo sa Myanmar (3.6) ay dahil kabubukas pa lamang muli nito mula sa ilang taong pagsasara at/o paglilimita sa pandaigdigang turismo dulot ng suliranin sa patakarang panloob at panlabas na kanilang kinaharap (Roughneen, 2012; Sonenshine, 2013).

Katulad din ng Brunei Darussalam na may pinakamababang bahagdan (1.4) ng mga dayuhang turista ay naglalayong mapaangat ang sariling turismo. Nagbalangkas ng mga planong katulad ng pagpapakilala ng kampanyang Visit Brunei Year noong 2001 at ang malaong paglahok nito sa *World Tourism Organization* (UNWTO) noong 2007 upang simulang ipakilala ang turismo (Ahmad, 2015, p. 210). Bagaman angkop ang bansa para sa mga natatanging relaksasyon, ekoturismo, *honeymoon*, at *cite to cite* (Bashir & Sarbini, 2009, p. 3) ngunit hindi para sa mga maiingay at masasayang gawain katulad ng mga *nightlife* na siyang kinahuhumalingan ng nakararaming turista. Kaya nga't para sa ilang mga *vlogger,* ang Brunei ay itinuring ng ilan bilang *"world's most boring country"* (see, haleyandzach, 2023). Ngunit upang maiwasan ang *hasty generalization*

sa bagay na ito, kailangang maisakonteksto ang reyalidad ng bansa. Sa pag-aaral ni Kassim (2003), ipinakitang may kabiguan ang ilang mga *stakeholder* na paunlarin ang turismo ng bansa at karamihan sa *tourism vision* na ito ay hindi gaanong nauunawaan at naipatutupad (Kassim 2003, p. 210). Malaking salik din sa pagbaba ng turismo ng Brunei ay ang kakulangan sa manggagawang tutugon sa sektor na ito. Naging bisyonaryo at praktikal ang Brunei sa ibang bagay at hindi sa pagtuon sa turismo. Higit na binigyang tuon ang ibang trabaho. Kung mayroon mang oportunidad para sa turismo, malaki ang kompetisyon dito ng bansa (Ahmad, 2015, p. 214). Una, sa nakikita kong dahilan, ang Brunei ay natatabihan din ng Sarawak, Sabah, at Sandakan sa Malaysia at Kalimantan sa Indonesia—lahat ng ito ay pawang nakapagbibigay ng pangturismong pangangailangan bagaman neksus din ang Brunei sa kabilang banda. Pangalawa, industriyal ang katangiang mayroon ang Brunei, nakasalalay sa langis at gas. Mas kumikita rito ang bansa kompara sa turismo. Ang hindi gaanong pagtuon sa turismo ay nasasalamin sa ilang karanasan ng mga manlalakbay katulad ko. Ang bansa ay walang akses sa tren sapagkat ang halos lahat ng mamamayan nito ay nagmamay-ari ng sariling sasakyan. Gayundin ang bus na bumibiyahe lamang hanggang 6:00 nang gabi at sa limitadong ruta pa (Tugano, 2021c, pp. 147-148). Sa aking ikalawang pagkakataong pagpunta sa Brunei umiiral na roon ang *Dart* (katumbas ng *Grab*) na naging operasyonal lamang noong 2017. Sa aking pagtatasa, hindi dapat maging kampante ang bansa sa industriya ng langis yamang ito ay isang nauubos na mineral. Habang mayroon pang pagkakataon at oportunidad, pag-isipan sana ng bansang ito ang paghahanda at pagbubukas ng kanilang sariling turismo sa malayong hinaharap.

## Pangwakas: Politiko-ekonomikong Kinahinatnan ng Turismo at Paglalakbay sa Pilipinas

Sa isang isinagawang sarbey ng *Business Mirror Philippines,* itinatayang 44% sa mga piling Europeong manlalakbay ang may kabatiran at/o mayroong nalalaman sa turismong taglay ng Pilipinas ngunit 6% lamang sa mga respondent ang nangangarap o nais makarating dito (Arnaldo, 2019).[17] Gayundin sa Hilagang Amerika (partikular sa Canada at Estados Unidos)—sa kabuoang 76%, tanging 14% lamang ang nais makapunta sa Pilipinas (Arnaldo, 2019). Para naman sa iba pang Asyanong bansa (Timog Silangan at Silangang Asya), hindi rin nila nakikita ang Pilipinas bilang destinasyon sa pagbabakasyon dahil ayon sa iba, wala namang kakaiba rito o ‘di kaya’y nakikita at/o matatagpuan din naman sa kanilang sariling

[17] Nagmula ang mga respondent sa 19 na bansa; edad 25-60; at walang dugong Pilipino. Kabilang ang *The Explorer* (Russia, Spain, United Kingdom, Germany, at France); *No-Frills Traveler* (Canada at USA); T*he Great Escape* (Japan, India, Saudi Arabia, at Australia); at *Quick Getaway* (Malaysia, Indonesia, Singapore, Vietnam, South Korea, Taiwan, Hong Kong, at Thailand).

bansa ang ilang *tourist spots* ng Pilipinas (Arnaldo, 2019). Bagaman posibleng may ilang *nuances* sa kinalabasan ng sarbey, hindi ito kailangang depensahan o itanggi. Bagkus, bigyan pa ito ng kritikal at halagahing akademiko. Sa ilang mga naging engkuwentro sa aking personal na paglalakbay, marami na akong nakausap na kapwa banyagang manlalakbay. Hindi nawala sa mga usapang ito, ang pagpapakilala sa Pilipinas na malao'y nauuwi sa pagtatanong ko ng *"Have you ever been to the Philippines?"* Batay sa karanasang ito, ang ilan sa mga nakapunta ay pawang tumungo sa mga kilalang lugar katulad ng Boracay, Palawan, at Cebu. At para naman sa mga hindi pa nakakapunta, palasak kong naririnig na "halos wala naman ipinagkaiba ang Pilipinas sa Thailand at Indonesia." Ang kanilang ibig sabihin dito'y "magkakatulad" naman ang makikita sa mga bansang ito. Nais kong pangatuwiranan ang miskonsepsiyong ito tungkol sa sariling bansa, ngunit sa kabilang dako, maaaring pagnilayan ang konteksto nito. Sa aking mga naging paglalakbay sa sampung bansa sa ASEAN, bagaman masasabing maganda at natatangi ang Pilipinas ngunit, nakita ko rin mula sa labas ng Pilipinas ang kakulangan at pagkakaiba nito sa mga karatig-bansa.

Mula sa transportasyon hanggang sa aksesibilidad ng paglalakbay at iba pang mga salik, higit na kailangang pagtuonan ng pansin ang pagpapakilala sa kasaysayan at kultura ng bansa. Matagal ko nang pinupuna na halos walang mga *travel map* at *travel guide* na inilalaan sa *arrival area* ng ating paliparan gayong mahalaga ito upang itanghal ang turismo ng sariling bansa (Tugano, 2021c, pp. 139-140). Gayumpaman, sa mga naging paglalakbay noong huling bahagi ng 2023 hanggang 2024, may ilang progreso na rin naman ang paliparan. May namamataan na rin akong *slogan* at iba pang paraan ng promosiyon sa *arrival area* nito—*i.e. jeep* ng Pilipinas; mga *replica* ng ilang artifakt na sa kasalukuyan ay isinasaayos pa rin. Tunay na kinakailangang mabatid ng mga turista ang kasaysayan at kultura mayroon ang Pilipinas dahil ani Rikki Mathay (2023), *"airports are the backbone of tourism"* (Mathay, 2023). Samakatuwid, kailangang pagtibayin pa lalo ang promosiyon sa kulturang Pilipino sa mismong mga paliparan nito. Sa naging komentaryo ni John Lesaca (2024) sa artikulong *"In Defense of Culture"* na inilathala sa *The Manila Times,* naisaad na sa halos lahat ng kasapi ng ASEAN, bukod tangi aniya ang Pilipinas sa bansang hindi naglaan ng *"Ministry of Culture"* (Lesaca, 2024). [18]Kung tutuosin, ang pinakamalapit na ahensiyang nagkakanlong dito ay ang *National Commission for Culture and the Arts* (NCCA) na binuo pa noong Abril 3, 1992 sa bisa ng *Republic Act No. 7356* (DBM, n.d., p. 662). Lalo pa't sa mandatoryong *Travel Tax* na ibinabayad ng mga Pilipino sa halagang 1,620

---

[18] Ang Indonesia ay mayroong *Ministry of Education & Culture*; Thailand (*Ministry of Culture*); Malaysia (*Ministry of Culture, Arts, & Tourism*); Singapore (*Ministry of Culture, Community, & Youth*); Brunei Darussalam (*Ministry of Culture, Youth, & Sports*); Vietnam (*Ministry of Culture, Sports, & Tourism*); Laos (*Ministry of Information, Culture, & Tourism*); Myanmar (*Ministry of Religious Affairs & Culture*); at Cambodia (*Ministry of Culture & Fine Arts*) (Lesaca, 2024).

piso tuwing embarkasyon na kinokolekta ng *Tourism Infrastructure and Enterprise Zone Authority* (TIEZA) ang 10% bahagi ng *Travel Tax* ay napupunta sa NCCA samantalang ang 40% ay para sa pagpapatibay ng mga kursong pangturismo sa ilalim ng *Commission on Higher Education* (CHED) (TIEZA, n.d.).

Upang wakasan ang pag-aaral na ito, mahinahong ipinapanukala na ang turismo at paglalakbay hindi lamang sa Pilipinas ngunit maging sa Timog Silangang Asya at daigdig ay makikitaan ng sosyo-kultural at politiko-ekonomikong kalagayan.

**Sosyo-kultural na kalagayan.** Kaakibat ng turismo ang kaligtasan ng mga manlalakbay. Magkatuwang ang turismo at seguridad sa mga aspektong tinitingnan ng manlalakbay bago puntahan ang isang bansa (Yang et al., 2015, p. 206). Tinitiyak ang mga lugar na para sa kanila ay hindi pamilyar, mga posibleng panganib, at iba pang salik. Kaya't dito makikita ang halagahin ng pagbabasa ng *travel guide books,* pagtitingin-tingin sa mga *travel blogs* o mapagkakatiwalaang *vlogs,* at pakikipag-usap sa mga taong nakarating na sa bansang nais puntahan. Hindi gaano at/o wala nga sigurong turista ang nanaising pumunta sa isang bansa kung ito ay nasusukluban ng mga delikadong kaganapan katulad ng mga digmaan, sakit o epidemiya, at krimen o kaguluhan. Sa aking karanasan, bagaman ay narating ko na ang Myanmar noong 2018, ninanais pa rin ng aking asawa na kompleto naming marating dalawa ang buong ASEAN. Hindi namin isinama ang Myanmar sa mga pupuntahang bansa dulot ng nagaganap doong kudeta—ang *junta militar* at digmaang sibil sa nasabing bansa mula pa noong 2021 at itinuring pa ngang *"world's longest-running civil war"* (see, Walker, 2024).

Sa aking naunang artikulo (Tugano, 2021c, p. 122, n. 2), nilinaw ang esensiya ng seguridad sa panig ng mga manlalakbay. Higit na binigyang tuon dito ang pisikal na seguridad *(physical security)* kuompara sa ekonomikong seguridad *(economic security).* Ang *physical security* ay tumutukoy sa mga bagay na nakaaapekto sa pisikal na katawan ng tao, halimbawa ng pagkapahamak, pagkasira ng ilang bahagi ng katawan, aksidente; at/o kamatayan. Samantala, ang *economic security* ay tumutukoy sa mga seguridad na may direktang kinalaman sa pananalapi, ekonomiya, at abot-kayang pagbili ng mga produkto at serbisyo (Tugano, 2021c, p. 122, n. 2). Sa aking palagay, higit na mahalaga para sa ilang turista ang unang uri ng seguridad sapagkat hindi gaanong prayoridad ang huli. Halimbawa, marami sa mga banyagang turista ang nagmula sa mga tinurang *"Global North"* na may pananalaping katulad ng USD, Euro, at Pounds, ang kalimitang hindi inaalintana ang presyo ng paglalakbay sa *"Global South."* Kaya't tumataliwas ako sa posibilidad na kung bakit hindi maganda ang impresiyon ng ilang banyaga sa Pilipinas ay dahil *"underdeveloped"* ito (Arnaldo, 2019). Kung tutuosin, ikinatutuwa pa ng ilang banyagang turista ang napakamurang bilihin at serbisyo sa Pilipinas at sa buong Timog Silangang Asya. Limitado ang *reciprocity* nito para sa mga Pilipino kung

tayo naman ang maglalakbay sa mga bansang nasa *"Global North."*

Prayoridad ng mga manlalakbay, kung gayon, ang kanilang *physical security.* Iniiwasan, nililimitahan o kanilang isinususpinde ang kanilang mga plano kung ang isang pupuntahang bansa ay napapabalita sa mga bantang pangkaligtasan katulad ng terorismo, digmaan, at samo't saring krimen. Isang detrimental na usapin halimbawa ang terorismo kaya't nakakaapekto ito sa pagpasok ng mga banyagang turista (Drakos & Kutan, 2003, pp. 622). Kinakansela nila ang mga planong ito sa oras na hindi nagiging maganda ang balita tungkol sa kanilang destinasyong bansa. Halimbawa, malaki ang naging epekto ng *9/11 Attack* sa Estados Unidos noong 2001 sa pagbaba ng mga turistang pumapasok sa lugar (Atkins et al., 2003, pp. 262-267; Baker, 2014, p. 62). Gayundin, ang mga naging epekto ng pagbobomba sa Indonesia katulad ng *Bali Bombing* noong 2002 (Hitchcock & Darma Putra, 2005, pp. 62-63; Golose, 2017, p. 29); at *Marriot Hotel Bombing* sa Mega Kuningan, Jakarta noong 2003 (Suparwoko, 2012, p. 82).

Hindi rin nakaligtas ang turismo ng Pilipinas sa ganitong pagtingin ng mga banyagang turista. Malaki ang naging implikasyon ng karahasan sa antas ng turismo ng Pilipinas nitong mga nagdaang taon. Tunay na nagdala ito sa paghina ng industriya at negosyong pangturismo (Fabe, 2013, p. 235). Bukod sa patuloy na tinatrabaho ng pamahalaan kung papaano paaangatin ang turismo ng bansa (Libosada, 2018), sabay din nilang pinupuksa ang karahasan bilang banta sa seguridad ng mga banyaga o lokal na turista. Minsang namarkahan ang Pilipinas ng negatibong imahen na may direktang kaugnayan sa mga karahasan. Kabilang na rito ang banta ng mga *Abu Sayyaf Group,* mga pagdukot *(kidnapping for ransom),* at ilang kaso ng mga pagpatay. Kinatakotan ng ilang turista na puntahan ang ilang bahagi ng Mindanao dahil sa kalat-kalat na pandurukot ng mga teroristam,halimbawa sa Basilan noong 2007 at 2011 (Fitriani, 2017, p. 20). Naging mababa rin ang antas ng seguridad sa Pilipinas. Sa komparatibong pag-aaral ni Rodolfo (2005), kaniyang ipinaghambing ang bansang Thailand at Pilipinas pagdating sa seguridad. Aniya, mas mababa ang antas ng krimen at bilang ng namamatay na turista sa Thailand kompara sa Pilipinas. Tinumbok din ang isyu ng pandurukot at pag-atake ng *Abu Sayyaf* sa ilang bahagi ng Mindanao (Rodolfo, 2005, p. 61). Gayumpaman, hindi lamang ang Mindanao ang minsang kinatakotan ng mga banyagang turista. Minsan nang nakarating ang paranoyang ito maging sa mga lugar na puntahan ng mga turista katulad ng Cebu at Palawan (Rodolfo, 2005, p. 61). Posible ang Palawan dahil matatandaan noong Mayo 2001, may ilang banyagang turista kabilang na ang tatlong Amerikano ang na-*hostage sa Dos Palmas Resort* na naging dahilan ng engkuwentro ng mga militar at terorista (Manalo, 2004, pp. 1-2).[19] Pumutok ang balitang ito sa mundo. Ang mga ganitong

[19] Liban dito, nagsagawa rin ng pandurukot ang *ASG'S Janjalani* sa Jolo kung saan kanilang binihag ang dalawampu't isang *hostages* sa Sipadan Diving Resort sa Malaysia na kinabibilangan ng sampung Kanluranin;

karahasan ay patuloy na nangyari sa bansa hanggang 2012. Kaya't isinalba pa rin ng Pilipinas ang turismo sa pamamagitan ng paglabas ng islogan, kampanya kontra-terorismo at pro-turismo—ang *"It's More Fun in the Philippines"* (Fitriani, 2017, p. 20).

**Politiko-ekonomikong kalagayan.** Kadalasang napapansin at nabibigyang tuon ang kultural na aspekto at/o katangian ng turismo at paglalakbay. Kaya't may pangangailangan din sa pagbibigay-diin sa politiko-ekonomikong katangian ng turismo at paglalakbay. Sa pagkakataong ito, maaaring maipasok ang isyu at usapin ng katarungan. Madalas na naisasagilid ang mga lokal at/o katutubo sa diskurso ng kaunlarang pangturismo. Isang halimbawa rito ay ang mga museo. Matagal ko na ring sinasaliksik at pinagdududahan ang ilang "kilalang" museo sa daigdig. Mula sa kuwestiyonableng akwisisyon sa mga artifakt at hanggang sa representasyon nito. Batay sa aking pakikipagtalastasan kay Atoy Navarro, pinuna rin niya na mahirap makita ang buhay na kalinangan ng mga mamamayan sa museo dahil mistulang ibinubukod ang kalinangan bilang koleksiyon ng mga artifakt sa loob ng museo (Tugano, 2022b, p. 129). Dagdag pa niya, naisasangkot lang ang mga mamamayan bilang parokyano at tagatangkilik ngunit sa maraming pagkakataon, hindi bilang tagapagbuo ng mga museo. Ang mga orihinal na lumikha ng mga artifakt ay walang kapangyarihan sa pagbubuo ng museo (Tugano, 2022b, p. 129). Ang kalagayan sa ilang representasyon sa museo ay natutulad at/o nasasalamin din sa kabuoang larawan ng turismo at paglalakbay. Bukod sa hindi nararanasan man lang ng ilang katutubo na maglakbay gayong nilalakbay ng mga turista ang kanilang mismong sariling lugar, mababakas din ang hindi patas na distribusyon ng yaman sa turismo—*i.e.* ang kita *(income)* ay napupunta lamang sa mga kapitalista at pamahalaan at hindi sa mismong mga mamamayan ng pook-destinasyon.

Bagaman mahirap pa ring patunayan at bigyan ng ebidensiya kung kaya't kailangang maipaliwanag sa isang hiwalay na pananaliksik, minsan ko na ring pinagdududahan sa tuwing naglalakbay sa ibayong dagat ang ilang *environmental fee, tourism fee,* donasyon, at mga kaugnay sa ilang pook-destinasyong nagtatanghal ng mga katutubo o minoridad. Halimbawa ay ang mga sumusunod na sariling engkuwentro:

A. Saigon, Vietnam—may pinuntahang *"handicapped handicrafts shop"* kung saan nakikitang nagtatrabaho ang mga may kapansanang Vietnamese na naging biktima ng *Agent Orange* na ginawa ng mga Amerikano noong Digmaang Vietnam (1955-1975);

siyam na Malay; at dalawang Pilipino.

B. Phnom Penh, Cambodia—sa *Tuol Sleng Genocide Museum,* itinatampok sa S-21 ang kasaysayan ng mga biktima ng karahasang idinulot ng *Khmer Rouge* ni Pol Pot sa *Cambodian Genocide* (1975-1979). Sa nasabing museo, ipinapakita rin ang mga *survivor* sa mga turista. Personal kong nakilala si Norng Chan Phal na nakaligtas sa *genocide* at doo'y makikitang ibinebenta ang isang librong patungol sa kaniyang buhay na isinulat ni Kok-Thay Eng (2018); at

C. Shan, Myanmar—sa Inle Lake na matatagpuan sa Taunggyi, makikita ang kababaihan at katutubong Padaung na nasusuotan ng *brass coil neck ornament* na nagiging dahilan upang humaba ang kanilang mga leeg (see, Tugano, 2021d, p. 195).

Ilan lamang ito sa mga napansin kong tila komersiyalisasyon sa mga tao at/o grupo ng mga taong itinatanghal sa ngalan ng "turismo." Isa itong pagpapakita ng reduksiyon ng kultura bilang kalakal na itinatrato na lamang na komoditi habang namamayani ang *Orientalizing gaze* ng Kanluran. Hindi rin dapat makalimutan ang kontrobersiyang kinasangkotan ng Nas Daily kung saan bumuo diumano ang *vlogger* na si Nuseir Yassin ng *Whang Od Academy* upang ipakilala diumano ang *"learning the ancient art of tattooing"* gayong labag ito sa kabatiran at/o hindi man lang nalalaman ng mambabatok na si Whang Od ng Kalinga (see, Llemit, 2021). Isa ito sa mga dahilan kung bakit hindi ako nagsasagawa ng mga personal kong *travel vlog.* Pinagdududahan ko ang industriyang ito sa diskurso ng paglalakbay. Kinasasangkapan ng mga "manlalakbay" at "turista" na ito ang kultura, romantisasyon ng kahirapan, at misrepresentasyon sa mga katutubo habang sila'y kumikita mula sa mga sariling *vlog, YouTube,* at iba pa. Ito ang umiiral na penomeno ng *travel baiting* na kailangan ding pagyamanin sa isa pang pananaliksik. Kumikita ng malaking salapi ang mga tinurang "ekspertong *vlogger*" habang ang mga pinaksang katutubo ay wala halos natanggap na *reciprocity* o kapakinabangang kultural.

Isa pa, ang lumalalang paglabag sa likas-kayang pag-unlad *(sustainable development)* na kung saan nakikitang nasisira ng mga "turista" ang kalikasan ng mga pook-destinasyon. Ilan din ito sa mga kinamumuhian ko sa mga nagbabalat-kayong "manlalakbay" na hindi isinasaalang-alang ang kultura ng pinupuntahang lugar. Halimbawa, ang paghuhubad *(topless)* ng isang lalaki sa isang sagradong templo sa Ayutthaya, Thailand; ang pagtatapon ng isang Alemang lasing sa Lawa ng Tonle Sap sa Cambodia; at batay na rin sa aking kaibigang Indones—ang paghuhugas ng puwit sa isang templo sa Bali, Indonesia na itinuturing bilang *"Island of the Gods"* (see, Mathur, 2019). Ipinapakita lamang nito na ang isang turismo at paglalakbay ay nangangailangan ng karampatang responsibilidad at/o obligasyon tungo sa pagiging mahusay at maayos na turista at manlalakbay.

Bilang pagtatapos, na bagaman malawak ang diskursong pangturismo—na maaaring matutuhang konteksto ng Pilipinas, adbentahe rin ng *Araling Pangmanlalakbay* sa diwa ng *Araling Kabanwahan* na tingnan ang katarungan at distribusyon ng yaman bilang espesiyal nitong kaibahan sa *Travel Studies* na pawang tumuon lamang sa literalidad ng paglalakbay at ng mga manlalakbay. Tugon at kritika ito sa hindi patas na distribusyon ng yaman sa turismo at paglalakbay. Hindi lamang naikakahon ang *Araling Pangmanlalakbay* sa panunuring pangkalinangan ngunit tangan din nito ang panunuring panlipunan na kung saan tinitingnan ang paglalakbay hindi lamang bilang isang mapagpalayang gawain ngunit mapagpaginhawa rin!

**References**


Abcede, N. (2013). Pag-uugat sa Kasaysayan ng Turismo sa Pilipinas: Isang Panimulang Pag-aaral ng mga Popular na Pook-Paliguan sa Katagalugan. Thesis, University of the Philippines Diliman.

Ahmad, A. (2015). "Brunei Tourism at a Standstill." In K. Collins (ed.). *Handbook on Tourism Development and Management* (pp. 209-220). Nova Science.

Alampay, R. & C. Libosada. (2005). "A Framework for Classifying Ecotourism Initiatives in the Philippines." In R. Alampay (ed.). *Sustainable Tourism: Challenges for the Philippines* (pp. 127-160). Philippine-APEC Study Center Network and the Philippine Institute for Development Studies.

Alcantara, G. & F. Demeterio III. (2023). "Katutubong Vlog: Isang Pagsusuri ng Orientalismo sa mga Vlog Tungkol sa Iba't Ibang Indigenous Cultural Communities/Indigenous People (ICCs/IPs) sa Pilipinas." *Plaridel: Journal of Communication, Media, and Society.* Advance online publication.

Arnaldo, M.S. (2019, February 18). "Foreigners list 'the good, the bad and the ugly, in PHL-Tourism poll." *Business Mirror Philippines.* https://businessmirror.com.ph/2019/02/18/foreigners-list-the-good-the-bad-and-the-ugly-in-phl-tourism-poll/.

Askari, H. (1971). "Demand for Package Tours." *Journal of Transport Economics and Policy* 5(1): 40-51.

Association of Southeast Asian Nations (ASEAN). (n.d.). "ASEAN Tourism Agreement." *ASEAN.* https://asean.org/?static_post=asean-tourism-agreement.

Atkins, B., J. Chew, D. Gschwind, & A. Parker. (2003). “The Impact of Terrorism on Tourism and Hospitality Business: An Online Debate by Experts in the Field.” *Tourism and Hospitality Research* 4(3): 262-267.

Avian Summit Travel Corporation. (2024). “Avian Summit Travel Corporation.” *Facebook.* https://www.facebook.com/AvianSummitTravel.

Baker, D. (2014). “The Effects of Terrorism on the Travel and Tourism Industry.” *Journal of Religious Tourism and Pilgrimage* 2(1): 58-67.

Barten, M. (2023, December 24). “Types of the Accommodation in the Hotel Industry.” *Revfine: Optimising Revenue.* https://www.revfine.com/types-of-accommodation/.

Bashir, M. & H. Sarbini. (2009). Pattern of Tourist Expenditure and Its Impact on Brunei’s Economy. Korea and the World Economy, VIII and Hong Kong Baptist University, Hong Kong. https://www.researchgate.net/publication/262009398. Bautista, C.R. (1993). “The Social Sciences in the Philippines: Reflections on Developments and Prospects.” In V. Miralao (ed.), *Philippine Social Sciences in the Life of the Nation* (pp. 381-409). Quezon City: Philippine Social Sciences Council.

Bella, M.P & B. Yothers. (2021). *The Long Journey: Exploring Travel and Travel Writing.* Berghahn Books.

Betteridge, L.A. (2016). What Makes Southeast Asia Attractive to Young European Backpackers? Thesis. Modul University, Vienna, Austria.

Biodiversity. (2018, August 24). “8 Types of Diving Every Diver Should Know About.” *Biodiversity.* https://rajaampatbiodiversity.com/8-types-of-diving-every-diver-should-know-about/.

Bolinao, M.L., (ed.). (1993). *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangingibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas.* Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.

Brito-Henriques, E., J. Sarmento, & M. Lousada. (2010). “When Water Meets Tourism: An Introduction.” In E. Brito-Henriques, J. Sarmento, & M. Losada (eds.). *Water and Tourism: Resources, Management, Planning and Sustainability* (pp. 13-33). Centro de Estudos Geográficos, Universidade de Lisboa, Lisboa, Portugal.

Brochado, A. & C. Gameiro. (2013). “Toward a Better Understanding of Backpackers’ Motivations.” *Tekhne* 11(2): 92-99.

Brochado, A. & P. Rita. (2016). “Exploring Heterogeneity Among Backpackers in Hostels.” *Current Issues in Tourism* 21(2): 1502-1520

Butler, R. (2015). “The Evolution of Tourism and Tourism Research.” *Tourism Recreation Research* 40(1): 16-27.

Chacko, H. & E. Nebel. (1993). “The Group Tour Industry: An Analysis of Motorcoach Tour Operators.” *Journal of Travel & Tourism Marketing* 2(1): 69-83.

Continental Travel and Tours. (2024). “Continental Travel and Tours.” *Facebook.* https://www.facebook.com/continentaltravelandtours.silang.

Daya, R. (2018). Pagsusuring Semiotika sa mga Mito sa Kalikasan sa mga Litrato sa Travel Blogs na Nagtatampok sa Calamianes, Palawan. 11th DLSU Arts Congress, De La Salle University.

Department of Budget and Management (DBM). (n.d.). “National Commission for Culture and the Arts.” *Department of Budget and Management.* https://www.dbm.gov.ph/wp-content/uploads/OPCCB/OPIF2011/OEO/NCCA.pdf.

Diffen. (n.d.). “Paragliding vs. Parasailing.” *Diffen.* https://www.diffen.com/difference/Paragliding_vs_Parasailing.

Dolezal, C. & A. Trupp. (2015). “Tourism and Development in Southeast Asia.” *Advances in South-East Asian Studies* 8(2): 117-124.

Drakos, K. & A. Kutan. (2003). “Regional Effects of Terrorism on Tourism in Three Mediterranean Countries.” *Journal of Conflict Resolution* 47(5): 621-664.

Ellis, C., T. Adams, & A. Bochner. (2011). “Autoethnography: An Overview.” *Forum: Qualitative Social Research* 12(1): 1-18. https://www.qualitative-research.net/index.php/fqs/article/view/1589/3095.

Elumbre, A. & A. Navarro (eds.) (2019). *Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya; Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan 1.* Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Eng, K.T. (2018). *Norng Chan Phal: The Mystery of the Boy at S-21: A Story of Family, Love, and the Struggle to Rebuild Life after the Khmer Rouge Genocide.* Cambodian Institute for Peace and Development.

Fabe, A.P. (2013). “The Cost of Terrorism: Bombings by the Abu Sayyaf Group in the Philippines.” *Philippine Sociological Review* 61(1): 229-250.

Faridi, R. (2018, February 25). “Sunlust and Wanderlust in Tourism Motivation and Some Other Theories.” *Rashid’s Blog: An Education Portal.* https://rashidfaridi.com/2018/02/25/sunlust-and-wanderlust-in-tourism-motivation-and-some-other-theories/.

Fenis, M. (2024, February 19). “Just wanted to share my recent commute from Bandung to Jakarta…” *Facebook*. https://www.facebook.com/photo/?fbid=8067987076562464.

Firmansyah, F. (2017). “Analysis of Tourism in Southeast Asian Countries.” *Journal of Computational and Theoretical Nanoscience* 23(8): 7138-7141.

Fitriani. (2017). “How to Increase Resilience in the Tourism Economies Affected by Terrorist Attacks.” *In Strengthening Tourism Business Resilience against the Impact of Terrorist Attack: Report on the APEC Counter-Terrorism Working Group’s Workshop on 9-10 May 2017, Bali, Indonesia* (pp. 18-21). Singapore: APEC Secretariat.

Flores, H. & A. Romero. (2023, October 22). “Kuwait deployment ban to end-Marcos.” *The Philippine Star.* https://www.philstar.com/headlines/2023/10/22/2305636/kuwait-deployment-ban-end-marcos.

Gaggero, A., L. Ogrzewalla, & B. Bubalo. (2019). “Pricing of the Long-distance Bus Service in Europe: The Case of Flixbus.” *Economics of Transportation* 19(1): 1-30.

Galang, J. (ed.). (2023). *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan, Lakbay-Kabanwahan sa Australia at Pasipiko.* Limbagang Pangkasaysayan.

Golose, P. (2017). "Impact on Terrorist Attacks on Tourism Economy of Bali: Lesson Learned." In *Strengthening Tourism Business Resilience against the Impact of Terrorist Attack: Report on the APEC Counter-Terrorism Working Group's Workshop on 9-10 May 2017, Bali, Indonesia* (pp. 29-31). Singapore: APEC Secretariat.

Goodall, B. (1989). "Tourist Accommodation: A Destination Area Perspective." *Built Environment* 15(2): 78-91.

Gray, H. (1970). *International Travel, International Trade.* Heath Lexington Books.

Haleyandzach. (2023, July 31). "Brunei is often called the 'world's most boring country.'" *Tiktok.* https://www.tiktok.com/@haleyandzach_/video/7261649629761031467.

Hitchcock, M. & I. Darma Putra. (2005). "The Bali Bombings: Tourism Crisis Management and Conflict Avoidance." *Current Issues in Tourism* 8(1): 62-76.

Huyghe, L. & J. Cokelaere. (2021). What is the Influence of Booking.Com Reviews and Scores on the Profitability of Hotels In Flanders? Thesis, Ghent University.

Jennings, G. (2007). "Water-Based Tourism, Sport, Leisure, and Recreation Experiences." In G. Jennings (ed.). *Water-Based Tourism, Sport, Leisure, and Recreation Experiences* (pp.1-20). Elsevier.

Jensen, J. & A. Hjalager. (2019). "Travel Motivations of First-time, Repeat, and Serial Backpackers." *Tourism and Hospitality Research* 19(4): 465-477.

Karim, A., H. Noon, N. Azlan, N. Diah, & S. Mustari. (2014). Tourism in Malaysia: Problems and Prospects in Context to Socio-Cultural and Environmental Surroundings of the Country.

Kassim, M. (2003). Tourism in Brunei Darussalam: Content and Context. Dissertation. Loughborough University.

Kerry, E. (2013). Backpacker Selves in a Hostel: Discourse, Identity, and Existential Authenticity. Thesis, Department of Geography and Anthropology, Lousiana State University.

King, V. (2008). "Tourism in Asia: A Review of the Achievements and Challenges." *Sojourn Journal of Social Issues in Southeast Asia* 23(1): 104-136.

King, V. & M. Parnwell. (2011). “World Heritage Sites and Domestic Tourism in Thailand: Social Change and Management Implications.” *South East Asia Research* 19(3): 381-420.

Lasco, G. (2020). *The Philippines is not a Small Country.* Ateneo de Manila University Press.

Lau, G. & B. McKercher. (2006). “Understanding Tourist Movement Patterns in a Destination: A GIS Approach.” *Tourism and Hospitality Research* 7(1): 39–49.

Lazaro, J. (2023, February 2). “Myanmar detains 8 Filipinos for crossing border.” *Philippine Daily Inquirer.* https://globalnation.inquirer.net/210277/myanmar-detains-8-filipinos-for-crossing-border.

Leiper, N. (1989). “Tourism and Gambling.” *GeoJournal* 19(3): 269-275.

Lesaca, J. (2024, February 23). “In defense of culture.” *The Manila Times.* https://www.manilatimes.net/2024/02/23/opinion/columns/in-defense-of-culture/1933670.

Libosada, C. (2018, April 11). “The problem with the Philippine tourism industry.” *CNN Philippines Life.* https://www.cnnphilippines.com/life/leisure/travel/2018/4/11/problem-with-Philippine-tourism.

Lim, R. (2024, January 11). “Philippine passport improves standing on global passport ranking.” *GMA Lifestyle.* https://www.gmanetwork.com/lifestyle/news/108717/philippine-passport-improves-standing-on-global-passport-ranking/story.

Lindstrom, L. (2009). “Tourism at the Grassroots: Villagers and Visitors in the Asia-Pacific by John Cornnell and Barbara Rugendyke.” *Pacific Affairs* 82(1): 111-112.

Llemit, K. (2021, August 4). “Nas Daily under fire for including Apo Whang Od in Nas Academy.” *Phil Star Global.* https://www.philstar.com/lifestyle/arts-and-culture/2021/08/04/2117614/nas-daily-under-fire-including-apo-whang-od-nas-academy.

Local Authority Tourism Activity (LATA). (2016). Collaborate Locally to Compete Globally: Local Authorities Supporting Tourism. https://www.lgma.ie/en/news/local-authority-tourism-activity-2016-infographic.pdf.

Maminta S. & F. Nuñez. (2008). “Paglalakbay-Aral sa Kasaysayan at Kultura (Kasama ang Linangan Educational Tours).” In A. Navarro, A. Campomanes, & J.L. Candelaria (eds.), *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan* (pp. 148-159). Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Manalo, E. (2004). The Philippine Response to Terrorism: The Abu Sayyaf Group. Thesis, Naval Postgraduate School. https://calhoun.nps.edu/handle/10945/1218.

Manhas, P., L. Manrai & A. Manarai. (2016). “Role of Tourist Destination Development in Building its Brand Image: A Conceptual Model, El papel del desarrollo del destino turístico en la construcción de su imagen de marca: un modelo conceptual.” *Journal of Economics, Finance and Administrative Science* 21(40): 25-29.

Marcus, L. (2023, May 31). “How ‘begpackers’ became some of Asia’s most disliked travelers.” *CNN Travel.* https://edition.cnn.com/travel/article/asia-begpackers-intl-hnk/index.html.

Mariyono, J. (2017). “Determinants of Demand for Foreign Tourism in Indonesia.” *Jurnal Ekonomi Pembangunan: Kajian Masalah Ekonomi dan Pembangunan* 18(1): 82-92.

Mathay, R. (2023, January 4). “Airports are the backbone of tourism.” *Manila Bulletin.* https://mb.com.ph/2023/01/04/airports-are-the-backbone-of-tourism/.

Mathur, P. (2019, August 14). “Tourist Couple Slammed For Washing Bum With Holy Water At Bali Temple, Video Sparks Outrage.” *India Times.* https://www.indiatimes.com/trending/wtf/tourist-couple-slammed-for-washing-bum-with-holy-water-at-bali-temple-video-sparks-outrage-373569.html.

Mazumder, M., M. Sultana, & A. Al-Mamum. (2016). “Regional Tourism Development in Southeast Asia.” *Transnational Corporations Review* 5(2): 60-76.

McDowall, S. & Y. Wang. (2009). “An Analysis of International Tourism Development in Thailand: 1994–2007.” *Asia Pacific Journal of Tourism Research* 14(4): 351-370.

McKercher, B., B. Prideaux, & M. Thompson. (2023). “The Relationship between Accommodation Type and Tourists’ in-Destination Behaviour.” *Tourism Recreation Research*, Early View, 1-10.

Melati, N., F. Fathorrahman, & T. Pradiani. (2022). "The Influence of Instagram, Tiktok Travel Influences and City Branding on the Decision to Choose a Tourist Sestination: Case Study on @Backpackertampan in Bali." *Journal of Business on Hospitality and Tourism* 8(1): 267-289.

Merritt, C. (2019). "Hiking vs. Trekking vs. Mountaineering: What's the Difference?" *Climbing Gear Lab.* https://outdoorinquirer.com/hiking-vs-trekking-vs-mountaineering/.

Miralao, V. (1993). "The Philippine Social Sciences in the Balance: Reflections at the Close of the Century." In V. Miralao (ed.), *Philippine Social Sciences in the Life of the Nation* (pp. 334-380). Quezon City: Philippine Social Sciences Council.

Moliner, M., J. Sanchez, R. Rodriguez, & L. Callarisa. (2007). "Relationship Quality with a Travel Agency: The Influence of the Postpurchase Perceived Value of a Tourism Package." *Tourism and Hospitality Research* 7(3-4): 194-211.

Moutinho, L., M. Caber, M. Silva, & T. Albayrak. (2015). "Impact of Group Package Tour Dimensions, on Customer Satisfaction (An ANNS Application)." *Tourism Analysis* 20(6): 619-629.

*Mr. and Mrs. Howe*. (n.d.). "How to apply for Ecuador tourist visa for Philippines passport [Ecuador tourist visa for Filipino]." Mr. and Mrs. Howe. https://mrandmrshowe.com/lifestyle-blog/ecuador-tourist-visa-application-for-filipino.

Nas Daily. (2017, July 1). "What's my Favorite Country– Nas Daily Reveals Philippines." *YouTube.* https://www.youtube.com/watch?v=Ecubv1E2wOU.

Navarro, A. (2012). "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya." *Saliksik E-Journal* 1(2): 1-31.

*Ninja Shark.* (n.d.). "9 Different Types of Diving." Ninja Shark. https://ninjashark.com.au/blogs/topic/9-different-types-of-diving.

Ocampo, N. (2011). *Kristong Pilipino: Pananampalataya kay Jose Rizal.* Bagong Kasaysayan.

Ocampo, N. (2012). "Tungo sa Pagsasakasaysayan ng Lakbay Pilipino sa Wikang Pambansa." In L.R. Ubaldo (ed.). *Paglaya-Paglawud: Paglalayag at Ugnayan ng mga Pamayanan sa Kasaysayang Pilipino,* ed. Lars Raymund Ubaldo (pp. 157-168.) Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc., at National Commission for Culture and the Arts.

O'Regan, M. (2018). "Backpacking's Future and its Drifter Past." *Journal of Tourism Futures* 4(3): 193-204.

Pearce, P. (2007). "Sustainability Research and Backpacker Studies: Intersections and Mutual Insights." In K. Hannam & I. Ateljevic (eds.) *Backpacker Tourism: Concepts and Profiles (Tourism and Cultural Change)* (pp. 38-53). Channel View Publications.

Pilgrimage Tours (Holy Land and Europe). (2024). "Pilgrimage Tours (Holy Land and Europe)." *Facebook.* https://www.facebook.com/groups/pilgrimagetours/.

Ray, N., J. Brown, D. Robinson, R. Waters, & C. Williams. (2009). *Vietnam, Cambodia, Laos & the Greater Mekong.* Lonely Planet.

Reyes, W. (2023). "Ang Halina ng Banyaga sa Pagmumuni-muni Tungkol sa Pagkapilipino." In A.C. Tugano (ed.). *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (pp. 82-85). Limbagang Pangkasaysayan.

Ritchie, B., L. Sheehan, & S. Timur. (2008). "Tourism Sciences or Tourism Studies? Implications for the Design and Content of Tourism Programming." *Teoros: Revue de Recherche en Tourisme* 27(1): 33-41.

Richter, L. (1980). "The Political Uses of Tourism: A Philippine Case Study." *The Journal of Developing Areas* 14(2): 237-257.

Richter, L. (1989). "Thailand: Where Tourism and Politics Make Strange Bedfellows." In L. Richter (ed.). *The Politics of Tourism in Asia* (pp. 92-114). University of Hawai'i Press.

Rivas, R. (2023, June 27). "Can new tourism slogan 'Love the Philippines' go beyond 'more fun'?" *Rappler.* https://www.rappler.com/business/can-department-tourism-slogan-love-the-philippines-go-beyond-more-fun/.

Rodolfo, M.C. (2005). "A Comparison of Tourism Policy Frameworks: The Philippines and Thailand." In R. Alambay (ed.). *Sustainable Tourism: Challenges for the Philippines* (pp. 23-79). Philippine-APEC Study Center Network and the Philippine Institute for Development Studies.

Roughneen, S. (2012, October 20). "Burma just opened up after 50 years. But where are all the tourists?" *The Christian Science Monitor.* https://www.csmonitor.com/World/Asia-Pacific/2012/1020/Burma-just-opened-up-after-50-years.-But-where-are-all-the-tourists.

Ryan, C. & A. Mohsin. (2001). "Backpackers: Attitudes to the Outback." *Journal of Travel & Tourism Marketing* 10(1): 69-91.

Salazar, Z. (1989). "Pantayong Pananaw: Isang Paliwanag." *Philippine Currents* 4: 17-20.

Salikha, A. (2019, March 15). "Ranked: International Tourist Arrivals in Southeast Asia Countries in 2018." *SEASIA: Goodnews from Southeast Asia.* https://seasia.co/2019/03/15/international-tourist-arrivals-in-southeast-asia-countries-2018.

Salvaggio, M. (2016). Bursting the Backpacker Bubble: Exploring Backpacking Ideology, Practices, and Contradictions. Dissertation, University of Nevada, Las Vegas.

Samahan ng mga Bansa sa Timog Silangang Asya (SNMBSTSA). (2017). *Ang Tsarter ng ASEAN.* Association of Southeast Asia Nations.

Sonenshine, T. (2013, August 18). "Myanmar Opening to Tourism, Investment – and Reform?" *National Geographic.* https://www.nationalgeographic.com/travel/article/130817-myanmar-burma-tourism-democracy-culture.

Suparwoko, W. (2012). "International and Southeast Asia Tourism Development." In W. Suparwoko (awt.). *Towards Responsible Tourism: A Community-based Approach to Tourism Development in Indonesia* (pp. 62-90). LAP Lambert Academic Publishing.

*TAT Newsroom.* (2015). "Thailand to celebrate '2015 Discover Thainess' campaign with grand opening celebration." TAT Newsroom. https://www.tatnews.org/2015/01/thailand-to-celebrate-2015-discover-thainess-campaign-with-grand-opening-celebration/.

Tourism Infrastructure and Enterprise Zone Authority (TIEZA). (n.d.). “Travel Tax.” *Tourism Infrastructure and Enterprise Zone Authority.* https://tieza.gov.ph/travel-tax/.

Towner, J. (1988). “Approaches to Tourism History.” *Annals of Tourism Research* 15(1): 47-62.

Tugano, A.C. (2021a). “Pangingibang-Bayan Bilang Pag-aaral sa Ibang Kalinangan: Ang Lakbay-Aral na Akademiko sa Timog-Silangang Asya.” In V. Villan & K. Esquejo (eds.). *Pangangayaw: Ang Pangingibang-Bayan at Paghahanap ng Ginhawa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino* (pp. 353-388). Manila: Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc. & National Commission for Culture and the Arts.

Tugano, A.C. (2021b). “Ang Museolohiya sa Representasyon ng Identidad: Panimulang Paglalapit Mula Ibayong Dagat Tungong Araling Pilipino.” *Diliman Review* 65(1): 129-145.

Tugano, A.C. (2021c). “Ang Manila Boy sa Lansangan ng Asya: Naratibong Ulat Tungkol sa Pampublikong Transportasyon sa Timog Silangang Asya.” *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 15(1): 120-161.

Tugano, A.C. (2021d). “ Chasing Waves: Reflections on Southeast Asian Fisherfolk.” *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* 57(2): 193-200.

Tugano, A.C. (2022a). “Ang Identidad ng Relihiyon, Ang Relihiyon ng Identidad: Isang Anekdotal na Tala Bilang Manlalakbay sa Timog Silangang Asya.” *Katipunan Journal* 9(1): 97-142.

Tugano, A.C. (2022b). “Sa Repositoryo ng mga Kulturang Materyal: Personal na Tala ng Paglalakbay Ukol sa mga Museo sa Ibayong Dagat ng Asya-Pasipiko at Europa.” *Entrada Journal* 8(1): 93-143.

Tugano, A.C. (ed.). (2023a). *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat.* Limbagang Pangkasaysayan.

Tugano, A.C. (2023b). “Kapookan ng Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat sa Konteksto ng Banwa at Layag sa Wikang Filipino.” In A.C. Tugano (ed.)., *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (pp. 1–81). Limbagang Pangkasaysayan.

Varniene, M. (2020, August 1). “What’s the Difference Between Scuba Diving and Snorkeling?” *Adventures.com.* https://adventures.com/blog/difference-between-scuba-diving-and-snorkeling/.

Visser, G. & K. Huyssteen. (1999). “Guest Houses: The Emergence of a New Tourist Accommodation Type in the South African Tourism Industry.” *Tourism and Hospitality Research* 1(2): 155-175.

Vogt, L. (2009). “Hiking and Trekking as a Leisure Activity and Market Segment in Nature Tourism –Overview of the State of Knowledge and Outlook on Implications for Landscape Planning.” *Naturschutz und Landschaftsplanung* 41(8): 229-236.

Vogt, L. (2010). “Megatrend Hiking and Trekking? A Narrative Synopsis of Market Research Data, Media Reports and Further Pretended Indicators.” *Mitteilungen der Osterreichischen Geograpischen Gesellchaft* 152: 276-304.

Walker, M. (2024, January 24). “Myanmar’s junta doesn’t have to ‘win,’ it just has to wait.” *Brookings.* https://www.brookings.edu/articles/myanmars-junta-doesnt-have-to-win-it-just-has-to-wait/.

Wengel, Y., L. Ma, Y. Ma, M. Apollo, K. Maciuk, & A. Ashton. (2022). “The TikTok Effect on Destination Development: Famous Overnight, Now What?” *Journal of Outdoor Recreation and Tourism* 37: 1-6.

Wood, R. (1980). “International Tourism and Cultural Change in Southeast Asia.” *Economic Development and Cultural Change* 28(3): 561-581.

Yang, E., S. Sharif, & C. Khoo-Lattimore. (2015). “Tourists’ Risk Perception of Risky Destinations: The Case of Sabah’s Eastern Coast.” *Tourism and Hospitality Research*: 1-16.

Yu, L.S. (2024, January 19). “Metro Manila has world’s worst metro area traffic in 2023. What can we learn?” *Rappler.* https://www.rappler.com/business/manila-world-worst-metro-area-traffic-2023/.

Zervas, G., D. Proserpio, & J. Byers. (2017). “The Rise of the Sharing Economy: Estimating the Impact of Airbnb on the Hotel Industry.” *Journal of Marketing Research* 54(5): 687-705.

## About the Author

Kasalukuyang Instruktor 7 ng Kasaysayan sa Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños. Nagtapos ng B.A. History sa Polytechnic University of the Philippines, Manila (*batch valedictorian, magna cum laude*). Tinatapos ang kaniyang M.A. Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines, Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulong pananaliksik sa *Diliman Review, Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature, Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia, Diliman Gender Review,* at *Plaridel Journal* –lahat ay mga dyornal sa U.P. Diliman; *Makiling Review* ng U.P. Los Baños; *Katipunan Journal* ng Ateneo de Manila University; *Dalumat E-Journal;* Tala *Kasaysayan Journal;* at *Hasaan Journal* ng University of Santo Tomas; *Social Sciences and Development Review, Mabini Review, Bisig Journal, Entrada Journal,* at *Talastasan Journal* ng PUP Manila; *Saliksik E-Journal* ng Bagong Kasaysayan Inc.; *Kawing Journal* ng Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino; *Journal of Philippine Local History & Heritage* ng National Historical Commission of the Philippines; at ilang pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas; ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts; University of the Philippines Press; at PUP Center for Philippine Studies. Editor ng aklat na *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (2019) at *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (2023). Kasamang may-akda ng *50-50: Talambuhay ng mga Pangunahing Personalidad ng Batas Militar* (2022). Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang *Mananaysay ng Taon 2021, Ikatlong Gantimpala* na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).